Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Pagtuturo ng Asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto sa mga Senior High School sa Sangay na Lunsod Batangas

Neomar G. Llupar [1] , Demetrio B. Bautista, PhD [1]
1 – Golden Gate Colleges

Publication Date: May 22, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.20340770**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang papel ng magulang sa tagumpay ng mag-aaral sa konteksto ng kanilang pakikilahok sa mga gawaing pampaaralan sa Procopio Mailig Memorial School para sa taong panuruan 2025–2026. Gumamit ito ng deskriptibong disenyo at nilahukan ng 74 na mag-aaral sa Grade 8 at kanilang 74 na magulang o tagapag-alaga. Sinuri ang pakikilahok ng magulang sa pagpupulong, gawaing pang-akademiko, at pagsuporta sa mga programang pangpaaralan, gayundin ang antas ng tagumpay ng mag-aaral sa akademikong pagganap, disiplina, at paglahok sa mga aktibidad.

Ipinakita ng resulta na bahagyang nakikilahok ang mga magulang sa mga gawaing pampaaralan. Natukoy namang bahagyang mataas ang akademikong pagganap at paglahok ng mga mag-aaral sa gawain, samantalang mataas ang kanilang disiplina at asal. Para sa mga mag-aaral, ang pakikilahok ng kanilang magulang ay bahagyang mahalaga sa kanilang tagumpay. Lumitaw din na ang pangunahing hadlang sa partisipasyon ng magulang ay ang trabaho, stress, at kakulangan sa kasanayang teknolohikal.

Bilang tugon, iminungkahi ang pagpapatupad ng mga programang magpapalakas sa ugnayan ng paaralan at magulang. Inirekomenda rin ang pagpapatibay ng mga programang pang-akademiko at pang-disiplina upang higit na mapaunlad ang tagumpay ng mga mag-aaral.

**Mga Susing Salita:** Interkultural na Tematikong Integrasyon, Interes sa Pagkatuto, Asignaturang Filipino, SPFL Korean Language, Kolaboratibong Pagtuturo, Kasanayan sa Wika.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# KABANATA I
# ANG SULIRANIN

## Panimula

Ang asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto na nililinang sa mag-aaral sa Senior High School upang sukatin ang kakayahan at mentalidad pagdating sa pagbasa at pagsusuri. Ang pagbasa ng mga babasahin ay kalakip ng pag-unawa sa pamamagitan ng kritikal na pag-iisip.

Ang pagbasa ay itinutiring na is sa mga pundasyong kasanayan sa kinakailangan upang makamit ng isang indibidwal ang ganap na pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagbasa, natututo ang isang tao ng mga bagong impormasyon, ideya, at pananaw na nagsisilbing gabay sa kaniyang intelektuwal, sosyal, at emosyonal na pag-unlad. Ito ay hindi lamang isang mekanikal na proseso ng pagkilala ng mga salita kundi isang masalimuot ng proseso ng pag-unawa, at pag-uugnay ng mga konsepto sa sariling karanasan. Sa kabilang banda, may ugnayan ang pagbabasa at pagsasalita. Bawat indibidwal ay may kaniya-kaniyang katangian sa pagsasalita. Tulad ng malakas na boses, mabilis, matinis, mabagal, at malumanay ang paraan ng pagbigkas. Nariyan din ang pagkakaroon ng punto sa pagsasalita na nagpapahiwatig ng pagkakakilanlan ng pinanggalingang lugar.

Sa kasalukuyang panahon kung saan ang impormasyon ay mabilis na dumadaloy sa iba't ibang anyo ng midya at higit na nagiging mahalaga ang antas ng kasanayan sa pagbasa. Hindi lamang simpleng pagkuha ng impormasyon ang inaasahan kundi ang kakayahang magsuri, gamitin, at mailapat ang mga natutuhang kaalaman sa iba't ibang konteksto ng buhay. Ang pagbasa ay isang pundamental na kasanayan na nagsisilbing-daan sa pagkatuto sa iba't ibang larang ng edukasyon.

Sa pamamagitan ng pagbasa, pakikinig at panonood ay binigyang-kahulugan ang iba't ibang uri ng panitikan na nasisilayan. Higit na binigyang-kahulugan o interpretasyon at obserbasyon ang bawat anyo nito kung ito ay ating susuriin. Ang bawat obserbasyon ay nahahati sa iba't ibang pag-aaral. Ang bawat obserbasyon ay nahahati sa iba't ibang aspeto upang bigyan nang liwanag na tinatawag na paglalarawan. Ang layunin ng paglalarawan ay upang ipakilala ang tunay na kahalagahan at kahulugan ng isang obrang sining. Malalaman ang malalim na pagsusuri kung ito ay ating bibigyang-pansin. Hindi lamang basta nagbabasa ang mga mag-aaral kundi pagbasa na may pag-unawa. Isa ito sa pinakamabisang pamamaraan upang ang pag-alam sa natatagong kahulugan ay hind maging sagabal sa mga mag-aaral.

Bilang resulta nito, napupukaw ang interes ng mga mag-aaral sa mga sulating pampanitikan. Nagsasalaysay ito patungkol sa buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, pananampalataya at mga karanasang may kaugnayan sa iba't ibang uri damdamin, Nauugnay sa bahaging ito ang pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkapoot, paghihiganti, pagkasuklam, sindak, at pangamba na maaring naranasan din ng ilan sa mga mag-aaral.

Sa ipinatupad na K-12 Kurikulum ng DepEd para sa pagtuturo ng Filipino ay mga pananaw at simulain sa pagkatuto ng wika na binibigyang-pansin. Una, ay ang pagkakaroon ng interaksiyon sa pagitan ng mga mag-aaral, ng mga guro, at ng mga teksto. Mabisa ang pagkatuto kung nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mag-isip, magpalitang-kuro, at

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

tumanggap ng mga ideya mula sa iba. Ikalawa, ang pagkakaroon ng integrasyon sa mga kasanayan at gawain sa pagtuturo ng wika. Ang apat na makrong kasanayan sa wika o naituturo sa isang kabuoan at hindi hiwa-hiwalay na tulad na ginagawa sa dati. Ikatlo, mahalaga ang konteksto sa pag-aaral ng wika. Dito ginagamit ang nilalaman ng ibang aralin o disiplina sa pagtuturo ng wika.

Malaki ang katagumpayan ng Pilipinas pagdating sa papatupad ng K-12 kurikulum na kinapapalooban ng *kindergarten, primary education, Junior High School (JHS) at Senior High School (SHS)*. Ang karagdagang taon ng SHS may layuning palawakin ang espesyalisasyong nais kuhanin ng mga mag-aaral pagkatpos ng Junior High School at bago pumasok ng kolehiyo. Subalit sa pagbabagong ito, tunay na nagging hamon ang pagkakaroon ng isyu pagdating sa kalidad ng Edukasyon (Nacor, 2024).

Layunin ng pag-aaral na ito ang matugunan ang mga pangangailangan ng mga guro sa pagtuturo ng Pagbasa at pagsusuri upang maging mapanuri at maging kritikal sa pagbabasa. Hindi lamang bastang babasa Kundi pagbasang may pag-unawa.

**Paglalahad ng mga Suliranin:**

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang pagtuturo ng asignaturang pagbasa at pagsusuri ng teksto sa mga mag-aaral ng *Senior High School* sa Sangay ng Lunsod Batangas.

1. Ano ang lebel ng kahusayan sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto ayon sa:
    - 1.1 layunin,
    - 1.2 nilalaman ng mga aralin,
    - 1.3 mga gawaing pangklase, at
    - 1.4 pagtataya?
2. Paano sukatin ang hanggan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtututro ng Pagbasa at Pagsusuri ng mga Teksto batay sa:
    - 2.1 tanong-sagot,
    - 2.2 *graphic organizer,*
    - 2.3 talakayan, at
    - 2.4 *think- pair- share*?
3. May signipikante bang kaugnayan ang pagtatasang lebel ng kahusayan sa pagtuturo at ng hanggan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto?
4. Ano ang mga suliranin nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang pagbasa at pagsusuri ng teksto sa *Senior High School?*
5. Ano ang kagamitang pampagsasanay ang maaring mabuo?

**Literaturang Konseptuwal**

Inilahad sa kabanatang ito ang kaugnay na literaturang konseptuwal na binasa at sinuri sa iba't ibang silid-aklatan na makakapagpaunlad sa balangkas ng isinagawang pag-aaral.

Ayon sa aklat ni Sanchez (2020), na may pinamagatang Komunikasyon sa Aakdemikong Filipino ikalawang edisyon ay ang pagbasa ay ang interpretasyon ng mga nakalimbag na simbolo

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

ng kaisipan, pagpapakahulugan ito ng mga nakatitik na sagisag ng mga kaisipan. Ang mga dalubhasa at mga paham ay nagkakaisa na ang pagbasa ay gintong susi sa kaliwanagan at lugod, isang katotohanang matutuklasan natin ang hiwaga ng daigdig, masasaliksik natin ang mga natipong karunungan at matutuhan ang mga bagay na dati'y wala tayong kaalaman. Sa tulong ng pagbabasa mas mauunawaan pa natin ang mga bagay-bagay na nagaganap sa ating kapaligiran. Hindi lamang karunungan ang ating maklalaman kundi kamalayan din sa kapaligiran at sa mga nagdaan.

May mahalagang ginagampanan ang pagbasa sa paghasa ng talino ang isang nililinang. Kailangan lamang ang masidhi at malawakang pagbasa na magbubukas ng landas sa lahat ng uri ng disiplina at karunungan. Bagamat hindi ganoon kadali ang pagtatamo ng kasanayan sa pagbasa. Ang pagbasa ay isang proseso ng pag-iisip. Hindi lamang pagkatuton sa pagbigkas ng mga salita ang dapat na matutuhan bagkus ay ang pagpapakahulugan sa teksto. Ang pagbasa ay pinagtatangka ng isang tagabasa na nauunawan kung ano ang iniisip o nais ipakahulugan ng isang awtor. Tumutukoy ito sa kognitibong proseso ng pag-unawa sa mensahe ng wikang nakasulat.

Batay sa pahayag ni Liwanag (2023), mahalaga na malaman ng guro ang bawat yunit ng pagkatuto sa pagbasa ng mga mag-aaral upang malaman kung ano ang kasanayan o nagawa ng mga mag-aaral at kung sa anong yugto sila patungo. Ang isang mag-aaral ay maari ding magpabalik-balik mula sa isang yugto patungo sa isang pang yugto ng pagkatuto at ang kaniyang debelopment ay hindi nananatili. Mayroong yugto ng debelopment sa pagbasa: panimulang literasi, panimulang pagbasa, pagkakaroon ng tiwala sa sarili, bumasa para sa pagkatuto, at abstraktong pagbasa. Sa pamamagitan ng yugto ng debelopment na ito mapapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri sa tekstong binabasa.

Ang pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto ay isang proseso ng pagsasaayos, pagkuha, at pag-unawa ng anomang uri at anyo ng impormasyon o ideya na kinakatawan ng mga salita o simbolo na kinakailangang tingnan at suriin upang maunawaan. Ang mga sagisag na ito ay nagsisilbng instrumento upang bigyang kahulugan ang mga kaisipang gustong ipahayag. Ngunit tandaan natin hindi lahat ng layunin ng mga manunulat sa kaniyang akdang nilikha ay natatamo o naisasakatuparan ng isang mambabasa.

Ang kakayahang pagbasa ay isa sa apat na makrong kasanayang pangwika na mahalaga sa pakikipagtalastasan. Maituturing na 90 porsiyento ng ating kaalaman ay mula sa ating binasa. Maaring libutin ang buong daigdig sa pamamagitan ng pagbabasa. Matatarok ang lalim ng kaalaman at nahahawakan ang landas ng karunungan sa iba't ibang larang, sining agham, teknolohiya, kasaysayan, pulitika, lipunan, at iba pa. Namumulat tayo sa katotohanan at nagkakaroon ng pagkakataong makisalamuha sa ibayong kapakinabangan.

Kaugnay nito, mahalaga sa isang mambabasa ang pagkakaroon ng kakayahang makapagsuri. Dapat ay may sapat kaalaman sa mga bahagi at aspekto ng panitikang dapat pag-ukulan ng masusing pamumuna, bukod pa sa taglay na kakayahang kumilala sa kalinisan, at kahusayan ng isang obrang sining. Sa dahilang ang pamumuna ay kailangang buong-linaw na maipahayag ng manunuri ang mga ito ayon sa itinakdang pamantayan. Ang pasulat ay bunga ng pakikinig, pagsasalita, at pagbasa. Impluwensiya ng pakikinig ang pagsasalita dahil kapag may

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

kawastuan ang pakikinig ng isang indibidwal masasagot niya ang mga katanungan sa pasalitang pamamaraan. Habang ang pagbasa naman ay pormal na natutuklasan sa pag-aaral.

Isang pisyolohikal na proseso ang pagbasa dahil sangkot dito ang mata na siyang ginagamit upang makakita, matukoy, at makilala ang mga imahe at simbolo. Sa tuwing tayo ay nagbabasa ang simbolo o imahe ay ang liwanag na tumatama sa retina ng ating mata. Nagkakaroon ng mga pagbabagong kemikal na dumadaloy sa mga ugat patungo sa cerebral context, ang sentro ng ating utak na nagbibigay-interpretasyon o kahulugan sa mga simbolo.

Kabilang sa mga simulain ang pagbasa ay komplikadong gawi na maraming salik ang dapat isaalang-alang, ang pagbuo ng mga kahulugan, walang isang paraan ng pagtuturo, patuloy na proseso, pagtuturo ng talasalitaan, pag-alam sa kakayahan ng bawat mag-aaral, magkakaugnay na kaalaman sa wika, paggamit ng mga seleksiyon, integral na bahagi ng pagtuturo, kasiya-siyang gawain, tagumpay ng bawat mag-aaral, mahalaga sa pagkakaroon ng direksiyon, maayos na kapaligiran at maayos na paggamit ng teknolohiya.

Ayon kay Liwanag (2023), ang simulain o prinsipyo sa pagtuturo ng pagbasa ay mga paglalahat sa gawaing pagbasa na ibinatay sa mga pananaliksik sa larang sa pagbasa at obserbasyon ng mga praktis ng mga guro.

Nakalahad kina Roe at Smith (2012) ang mga simulain ng pagtuturo ng pagbasa ay makatutulong sa mga guro sa mga pagpaplano ng pagtuturo ng pagbasa sa silid-aralan.

Dagdag pa dito, ang mga gawain sa pagbasa ay naaayon sa interaktibong pananaw ay nagbibigay ng pangunahing diin sa paggamit ng mga dating kaalaman at konsepto ng mga mag-aaral sa paligid. Sa bahagi ng bago bumasa, ang mga mag-aaral ay binibigyan ng mga gawain bilang paghahanda sa pagbasa ng teksto. Ang mga gawaing ito ay maaaring pagbibigay ng guro ng bago o panimulang impormasyon tungkol sa paksang babasahin, pagtalakay sa mahihirap na salita, paggamit ng dating kaalaman, paggamit ng mga larawan, pamagat at mga bahagi ng teksto, pagbibigay ng pangunahing pagsasanay at pagbibigay sa mga bata ng mga layunin sa pagbasa.

Ang mga gawain habang bumabasa, ang mga mag-aaral ay magsasagawa ng mga gawain na ipinakikita ang interaksiyon sa teksto. Maaaring ipagawa ang pagsagot sa mga tanong, pagbuo ng mapa o direksiyon, pagbuo ng balangkas, talahanayan, at iba pa, pagsusuri sa organisasyon ng teksto, paglalagay ng guhit, at pagtatala ng mahahalagang impormasyon.

Samantalang sa bahaging pagkatapos bumasa, narito ang kabuoang pag-unawa sa binasang teksto.  Ang mga gawain ay maaaring pagbuo ng mga tsart, paggawa ng *semantic map*, paggawa ng balangkas ng binasa, pagpupuno ng frame, pagbubuod ng binasa at pagbibigay ng reaksiyon.

Sa isinagawang pag-aaral *ng American Journal of Humanities and Social Sciences Research* (2024), ang mga mananaliksik ay nakabuo ng mga hinuha tulad ng paggamit ng makabagong kagamitang pampagtuturo sa mga asignaturang Filipino partikular na sa mga kagamitang *powerpoint, cellphone, laptop, projector*, dapat isaalang-alang ng mga guro ang mga salik sa pagpili ng kagamitang pampagtuturo, angkop sa edad, kakayahan, at panahon ng mga mag-aaral na tuturuan, lumabas man sa resulta na mataas ang antas ng paggamit sa makabagong kagamitang pampagtuturo, hindi din dapat kalimutang gamitin ang tradisyonal na kagamitang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

pampagtuturo dahil ayon sa resulta ay pareho pa din silang ginagamit, makabagong kagamitang pampagtuturo ang ginagamit sa pagtuturo sa mga asignaturang Filipino kung kaya'y dapat matugunan ng pamantasan ang mga kagamitang ito na saklaw ang malawak na populasyon ng mga mag-aaral sa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro. At ang panghuli ay kung makabago ang mas ginagamit sa pagtuturo ng mga mag-aaral sa mga asignaturang Filipino ay dapat mapalawig pa ang kaalaman ng guro sa paggamit ng teknolohiyang nabanggit upang magamit ito ng wasto na walang pag-aalinlangan para sa mga mag-aaral na tuturuan.

Ayon sa aklat Maniego et al. (2019), gamit ang makabagong teknolohiya nagkaroon ng pagbabago ang paraan ng pagbabasa ang mga tao sa kasalukuyan. May nagbabasang tao sanhi ng iba't ibang kadahilanan. May nagbabasa gamit ang *cellphone* upang kumuha ng dagdag kaalaman o karunungan. Mayroon ding nagbabasa dahil gusto niyang malaman ang nangyari sa paligid at ayaw niyang mapag-iwanan sa takbo ng panahon. Para naman sa iba ay para sila ay maaliw o malibang sapagkat ang pagbabasa ay nakababawas ng pagkainip at pagkabagot na nararamdaman. Sa pagtuturo sa makabagong panahon ang mga guro ay dalubhasa sa pagtuturo gamit ang makabagong kagamitan, mas napupukaw ang ang interes ng mga mag-aaral kung nagbabasa sila gamit ang TV sa pamamagitan ng *powerpoint*, kaya naman nababawasan ang inip ng mga bata sa pagbabasa.

Ayon kina Anderson et al. (2019), sa aklat na *Becoming a Nation of Readers,* ang pagbasa ay isang proseso ng psgbuo ng kshulugsn muls sa nakasulat sa teksto. Ito ay isang kompleks na kasanayan na nangangailangan ng koordinasyon ng iba't iba at magkakaugnay na pinagmulan ng impormasyon. Mahalaga na may intersaksiyon sa pagitan ng teksto at mambabasa na hinuhula ng mga paniniwala, kaalaman at karanasan ng mambabasa.

Ipinaliwanag ni Brown (2019), sa kaniyang aklat na *Teaching by Principles. An Interactive Approach to Language Pedagogy* na ang intesibong pagbasa ay pagsusuri sa kaanyuang gramitikal na kahulugan. Ang intensibong pagbasa ay isang gawaing gumagamit ng estratehiyang *zoom lens* o malapitan at malalimang pagbasa sa isang akda. Kinapapalooban ng ganitong uri ng pagbasa batay sa pagsusuri sa pagkakaugnay-ugnay, estruktura sa loob ng teksto, pagtukoy sa mahahalagang bokabularyong ginamit ng manunulat at paulit-ulit at maingat na paghahanap ng kahulugan. Sa ganitong uri ng pagbasa, nakatutulong ang pagbabalangkas o paggawa ng larawang konseptuwal upang lubos na maunawaan ng mag-aaral ang isang teksto.

Ayon kay Bernales (2019), ang kabataang ngayon ay natututo kung ang mga pamamaraan na ginagamit ng bawat kaguruan ay pumupukaw sa interes ng bawat mag-aaral na gustong matuto at mag-aral. Kaniyang binigyang-diin na ang kaguruan ay dapat nagsasalita sa wika ng kabataan at henerasyon ngayon upang maging efektiv ang lahat sa paghahatid ng kanilang pagtuturo.

**Literaturang Pananaliksik**

Inilahad sa kabanatang ito ang kaugnay na literaturang pananaliksik na binasa at sinuri sa iba't ibang silid-aklatan na makakapagpaunlad sa balangkas ng isinagawang pag-aaral.

**Pagtuturo ng Asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto.**

Ayon kay Apilado (2020), Sinasabing ang dula ay isang paglalarawan sa madulang bahagi ng buhay. Taglay nito ang katangiang umiiral sa buhay ng tao, gaya ng pagkakaroon ng mga suliranin o mga pagsubok na kaniyang pinagtagumpayan o kasawian. Dagdag pa niya, na ayon kay Aristotle, ito ay isang sining na panggagaya o pag-iimita sa kalikasan ng buhay. Ipinakikita nito ang reyalidad sa buhay ng tao gayundin ang kaniyang mga iniisip, ikinikilos at isinasaad.

Mahalagang mabigyan ng pansin ang pagtuturo sa mag-aaral ng pagbabasa at pag- unawa sapagkat ito ay lubhang kailangan sa pagsasagawa ng iba't ibang gawain, mula sa pagsunod sa mga panuto, sa pag- alam sa sino, ano, kailan, saan at bakit ay isang tiyak na pangyayari hanggang sa pakikipagtalastasan tungkol sa kahit na anong unawaan at layunin. Sa simpleng pananaw, ang pagbasa ay pagpapahiwatig sa pag-unawa at kakayahan sa pag- *decode* at pag-unawa sa wika (Aclinin, et al 2023).

Ayon kay Sanchez (2023), ang pag-uugnay-ugnay ng mga gawain ay nagdudulot nang maayos, madali, makahulugan, at mabisang pagtuturo at pagkatuto; nag-aambag ito ng iba't ibang karanasan sa sa mga mag-aaral tungo sa pagtamo nila ng mga minimithing kaalaman, pagkamit ng kasanayan at pagpapahalaga sa kanilang sarili at kapiligiran; Nagkakarooon ng tiwala sa sarili ang mag-aaral at guro sapagkat may direksyon ang pagtuturo at pagkatuto; nagkakaroon din ang mga guro ng kawilihan, magaan at sistematikong pagtuturo; nababawasan ang pagiging dominante ng guro sa pagsasalita o pagtalakay ng aralin sa loob ng silid-aralan.

Natuklasan sa pag-aaral ni Alday (2024), sa pagtuturo at pagsusuri ng teskto ayon sa antas ng kaalaman sa pagbasang may pag-unawa. Lumabas sa pag-aaral na ang bokabularyo ng mga mag-aaral ay may mababang antas ng kaalaman sa bokabularyo, pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari pinakamababang antas ng kaalaman sa hulwarang mga teksto. Pangunahing diwa, natuklasan na may kahinaan ang antas na kalaman ng mga mag-aaral sa pagkuha ng pangunahing diwa sa binasang kuwento o akda, sanhi at bunga ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng kaalaman sa pagkilala ng sanhi at bunga.

### Estratehiya sa Pagtuturo

Ayon naman kay Smith (2018), Ang terminong metodolohiya ay maaring magkaroon ng iba't ibang kahulugan depende sa konteksto. Sa pangkalahatan, ito ay tumutukoy sa isang sistema o pagsusuri ng mga paraang ginamit sa isang larang ng pag-aaral o pananaliksik. Layunin nitong magbigay ng estratehiya sa pagkuha ng impormasyon, pagsusuri nito, at paggawa ng mga konklusyon o mga resulta. Halimbawa, sa agham panlipunan at mga disiplina sa pananaliksik, ang metodolohiya ay tumutukoy sa pagpili ng mga pamamraan at teknik na ginagamit upang maipakita ang mga pamamaraan at termino ng isang pag-aaral. Maaring ito ay mga pagsusuri ng datos, pananaliksik sa pag-aaral ekspiremental na pag-aaral at *qualitative* na pananaliksik.

Dagdag pa niya sa iba pang mga konteksto, ang metodolohiya ay maaring tumutukoy sa pangkalahatang sistema ng pananaliksik o pagsusuri ng impormasyon, tulad ng *scientific method* o ang proseso ng paghahanap, pag-aaral, pag-aanalisa, at pagtasa ng mga datos upang makarating sa kongklusyon o rersulta.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Mahalaga din para sa kaniya ang tamang paggamit ng metodolohiya sa pagsasagawa ng mga pag-aaral o pananaliksik upang matiyak ang kahusayan sa pagiging tiuyak ng mga resulta. Ito ay tumutulong sa mga mananaliksik na maging sistematiko, obhetibo, at maaasahan sa kanilang mga natuklasan.

Ayon sa *DepEd Memorandum (No. 173, s. 2019),* ang programa sa pagpapabasa ay magkakaroon ng mga sumusunod na target awtput: pagsulong, pagpapanatili ng kultura ng pagbasa, pagpapahusay sa kakayahan ng bawat guro sa pagtuturo ng pagbasa at pagpapatupad ng interbensyon. Dagdag pa, ito ay nakapokus patungo sa pagkamit ng paghahasa ng kakayahan sa pagbabasa kung saan bawat mag-aaral ay makabasa at makaunawa nang nakapag-iisa sa kanilang antas o baitang na magreresulta sa pagdagdag ng mga kinalabasan ng pag-aaral. Bukod dito, ang mga teorya sa pagbasa, kasanayan, at pagsasaliksik ay dapat maging gabay sa pagpaplano, pagpapatupad, proseso, pagsubaybay at pagsusuri sa mga yugto ng programang pagpapabasa. Isa sa mga karaniwang ginagamit na kagamitan sa pagtuturo ng mga guro ay ang mga *flashcards,* partikular sa pagtututuro ng pagbasa. Ayon sa diksyunaryo ng Britannica, ang *flashcards* ay isang kard na may mga salita, numero, o larawan at ginagamit upang matulungan ang mga mag-aaral na matuto tungkol sa isang paksa.

Lumbas sa pag-aaral ni Bolima (2022), na ang pananaliksik na ito ay naglalarawan sa "Paggamit ng mga Estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Junior High School sa Distritong Kongresyonal IV lalawigan ng Batangas". Mahalaga ang paggamit ng iba't ibang estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan. Kaugnay nito, madalas na ginagamit ng mga guro ang mga estratehiya sa pagtuturo batay sa maikling kuwento. Lubos na mabisa naman ang paggamit ng mga estratihiyang pampanitikan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kaalamang panglingguwistika at pangnilalaman. Ang antas na paggamit ng estratehiya ay may mataas na kaugnayang lebel sa kabisaan nito. Sa mga nakalap na impormasyon, patuloy pa din ang paggamit ng mga guro sa iba't ibang estratehiya para sa mas pagiging epektibo ng isinasagawang pagtuturo.

Ayon kay Barreon (2023), na ang mga guro ay may kinalaman sa aspektong estratehiya na natatalakay ng iba't ibang nakapaloob sa binagong kurikulum; nagkakaroon ng resiprokal na interaksiyon ang guro at mga mag-aaral; nailalapat nag mabisang proseso ng pagkatuto; at napipili nag angkop na kakayahan at kawilihan ng mga mag-aaral. Ang antas na partisipasyon ng mga mag-aaralay natataya sa talakayan; natuklasan ang mga suliraning nakahahadlang sa mga progreso ng pag-aaral; nakapagpapahayag ng mga ideya o kaisipan ang mga mag-aaral at nasusukat ang antas ng kaalaman at kasanayang natutuhan ng mga mag-aaral.

Binanggit ni Gloria (2021), sa paggawa ng balangkas, pagmamapa, o ang *graphic organizer* para sa mga mag-aaral, maingat at mahusay na makukuha ang nilalaman ng isang teksto. Ginagamit ang *graphic organizer* sa pag-uugnay. Ginagamit din ito upang ibigay ang kategorya ng konsepto ng mga pangyayari, biswal ng mga larawan at mga kaalaman. Nabanggit sa pag-aaral na ang kritikal na lebel ay pag-*monitor* ng sariling pagbasa bilang mambabasa; ebalwasyon ng bisa ng awtor. Pumapasok dito ang ideyang nakapagsasarili, sapagkat nakagagawa ng sariling pangangatwiran, pagsusuri, paghuhusga, at pagtatasa.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral ni Rosales (2019), sa antas na paggamit ng estratehiya sa pagtuturo ng wika sa iba't ibang makrong kasanayan sa pagtatasa ng guro, *share your Insights*,

pagtatalumpati, *post it/slogan*, talaarawan, dugtungang pagbasa, daglinang, *sine time*, kinig-siksik na magpapaunlad sa makrong kasanayan ngmga mag-aaral.

Ayon sa estratehiyang ginamit ng mga guro, lumabas sa pag-aaral ni Dela Cruz (2022), na ang pagbibigay ng kongkretong hamlimbawa upang higit na maipaunawa ang mga konsepto sa maikling kuwento ay lubos na ginagamit, gayundin ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maipahayag ang aral na napulot sa kuwentong binasa gamit ang sariling wika, pagsasagawa ng mga gawain sa pagkatuto na isaalang-alang ang pagkakaiba iba ng mga paniniwala, interes, kultura at kakayahan ng mga mag-aaral. Napagtanto na gumagamit ang mga guro ng estratehiya upang mapalawak ang paggamit ng isinasagawang kontekstuwalisasyon.

Natuklasan sa pag-aaral ni Fallarcuna (2019), maraming mag-aaral natututo sa paggamit ng guro ng estratehiyang modelong pagpapahayag na binibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral sa malayang pagpapahayag pasalita man o pasulat. Gayundin ang paggamit ng dulog estruktural kung saan sinasanay ng guro ang mga mag-aaral sa pamamgitan ng pagsulat at pagsasaulo.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Cenizal (2019), lumabas ang kabisaan sa paggamit ng pagdulog. Ang kolaboratribo lubos itong ginagamit ng mga guro sapagkat hinahayaang ang mga mag-aaral ay magbahaginan ng kanilang kaalaman. Ang konstraktibo naman ay lubos na mabisang pamamaraan na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo sa mga akdang pinag-aaralan. Mayroong dalawang aytem ang mabisa lamang ang interpretasyon ng mga guro, ang debate at ang eksibit sapagkat sinasabi kailangan nito nag mahaba-habang panahon sa paghahanda. Integratibo, lubos ding mabisa ang resulta ng pagtataya sa paggamit ng pagdulog na integratibo sa pagtuturo ng mhga akdang pampanitikan. *Inquiry-based*, lubos na mabisa ang ganitong pamamaraan ayon sa mga respondente bagamat, hindi madali ang paggamit ng pagdulog na ito subalit natuturuan ang mga mag-aaral na magkaroon ng isang kritikal na pag-iisip.

Ayon sa pag-aaral ni Braza (2018) sa kabisaan ng estratehiyang ginamit sa paglinang sa pag-unawa ay lubos na mabisa ang estraehiyang ginagamit ng mga titser sa paglinang ng pagbasang may pag-unawa. Sa mga ito nangunnguna ang tanong at sagot na may pinakamataas na bahagdan samantalang ang estratehiyang *SM3B* ang pinakamababang antas sa larang ng pagtuturo at pagkatuto ang aspektong sentro sa pagbasa ay ang paglinang ng kasanayan sa pag-unawa. Ang pag-unawa at angkop na paggamit ng mga salita ay mahalagang kasangkapan ng isang estudyante tungo sa mabisang pakikipagtalastasan. Ang pagtatanong ng malawak na kaalaman at ang madaling pag-unawa sa laman ng mga babasahin ay nakasalalay sa pagtuturo ng titser.

Ayon sa pag-aaral ni Samarca et.al (2025), ang paggamit ng mga angkop na mga estratehiya at kagamitang pampagtuturo sa Filipino ay lubhang mahalaga upang matiyak ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga napapanahong estratehiya, na sinusuportahan ng teknolohiya tulad ng multimedia, digital platforms, collaborative teaching at gamification ay nagaalok ng mas interaktibo at malikhaing pamamaraan. Ang napapanahong estratehiya sa pagtuturo ay tumutukoy sa mga pamamaraan at teknik na tumutugon sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon, gaya ng integrasyon ng teknolohiya, platapormang online at mga nababagay na modalidad ng pagkatuto. Layunin nitong pagaanin ang daloy ng pagkatuto at gawing mas akma ang mga gawain sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral sa makabagong panahon.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Lumabas sa pag-aaral ni Indico (2024), mula sa Kto 12 gabay pangkurikulum Filipino 2016, ang mga kasanayang pampagkatuto sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino: nagagamit ang angkop na pandiwa bilang aksiyon, pangyayari at karanasan nagagamit ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay (pagsisimula, pagpapadaloy ng mga pangyayari, pagwawakas); nagagamit ang angkop na pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw; nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod na mga pangyayari; naisusulat ang paliwanag tungkol sa isyung pandaigdig na naiuugnay sa buhay ng mga Pilipino; nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan; naisasama ang salita sa iba pang salita upang makabuo ng ibang kahulugan (*colocation*); nagagamit nang wasto ang kahusayan sa gramatikal at diskorsal na pagsulat ng isang organisado at makahulugang akda; nagagamit ang ankop na mga tuwiran at di-tuwrirang pahayag sa paghahatid ng mensahe. Mula sa nakalap na datos sa mga guro ay sa Filipino, malaking bilang ng respondente ang nagsabing lubos na ginagamit ng mga guro ang estratehiyang binanggit samantalang maliit na bilang lamang ang nagsasabing madalas ito ginagamit.

Kaugnay pa din nito, ang mga mag-aaral ay nakararanas ng mga suliranin sa karamihan ng aspeto ng wika, lalo na sa mga teknikal na bahagi tulad ng tamang gamit ng pandiwa, pokus ng pandiwa at mga pang-ugnay sa pagsasalaysay. Ang pinakamalaking suliranin ay nauugnay sa gramatika at tamang gamit ng mga pandiwa, pati na din sa pagsasalaysay at mga teknikal na aspeto ng pagsulat tulad ng *collacations*.

Ayon sa pag-aaral ni Caringal (2024) kailangang mahasa ng mga guro ang kanilang kakayahan sa pagtuturo at pagiging dalubhasa sa asignaturang tinuturuan. Dapat maunawaan ng mga guro ang kaligiran ng pagkatuto ng bawat mag-aaral at may kakayahang bumuo ng mga aktibong gawain para makahasa ng isang produktibong mag-aaral. Isa sa mga hamon na kinakaharap sa larang ng edukasyon ay ang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Pangunahing layunin ng pagbasa ay ang alamin ang pangangailangan o dahilan kung bakit ang tao ay nagbabasa. Kapag natukoy na ang layunin, maaari nang gumamit ng mga estratehiya upang mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa at ang inaasahang bunga ay matatamo.

Ang layuning mabigyan ng mga alternatibong gawain sa pagbasa na maaaring gawin kahit wala ang gabay ng mga guro at mga magulang upang maunawaan ang mga salitang angkop batay sa edad at lebel ng mga mag-aaral. Bagama't ang pagbabasa kung minsan ay nakababagot para sa iba, kung ito ay mabibigyan ng mga alternatibong paraan upang kagiliwan at maunawaan ng mga mag-aaral ay tiyak na hindi lamang sa pagbasa sila magiging mahusay kundi pati na din sa pag-unawa sa tekstong kanilang binabasa.

Lumabas sa pag-aaral ni Fortuz (2024), ginamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng akademikong sulatin ang mga kasanayang pampagkatuto na nakikilala ang kahulugan, kalikasan, at katangian ng pagsulat ng akademikong sulatin, natutukoy ang mga katangiang pang-akademiko, natutukoy ang pagkakaiba sa akademikong sulatin sa hindi akademikong sulatin, nakikilala ang iba't ibang akademikong sulatin ayon sa layunin, gamit, katangian, anyo, nakakasunod sa estilo at teknikal na pangangailangan ng akademikong sulatin naisasagawa ng mataman ang mga hakbang sa pagsulat ng piniling akademikong sulatin at nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika. May paraan ng paggamit ng mga kasanayang pampagkatuto sa pagbuo ng akademikong sulatin tulad ng buod, *bionote,*

replektibong sanaysay at larawang sanaysay na tuoon sa pagpapayabong sa kaalaman ng mga mag-aaral.

Sa ginawang pag-aaral ni Gutierrez (2023), natuklasan na mula sa 10 mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo, lumabas ang pinakamarami sa mga kompetensi o layunin nag lubos na gianagamit at pinakakaunti ang ginagamit. Nangangahulugang lubos na ginagamit ang mga estratehiyang inilatag ng mananalaiksik dahil sa ipinakitang *composite mean*. Isa sa pinaniniwalaang kasabihan, ang karanasan ang pinakaepektibong guro sapagkat natututo sa mga karanasang pinagdaanan. Ang buhay ng tao ay maaring gamitin sa pagbuo ng isang panitikan sa dahilang ang panitikan ay pagsasalaysay ng gawain na isinakatuparan at gabay sa takbo ng ating buhay.

**Suliraning Nararanasan sa Pagtuturo**

Natuklasan sa pag-aaral ni Valencia (2024), na ang kakulangan sa mga aklat at babasahing materyal ay pangunahing suliraning humahadlang sa epektibong pagtuturo, ang mahinang kasanayan sa pagbasa at komprehensyon ay nagpapabagal sa pag-unawa ng mga mga-aaral sa mga akda. Limitadong bokabularyo ay isa ding balakid sa mas lumalalim na pag-unawa sa nilalaman ng binasa. Samantala, kabilang sa mga suliraning may mababang resulta ay ang mabigat na *workload* ng mga guro, kakulangan sa makabagong kagamitan, hindi kaaya-ayang kapaligiran sa silid-aralan.

Bagama't nasa mababang puwesto, ang mga ito ay patuloy na nakaaapekto sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto. Ang mga suliraning ito ay katamtamang nararanasan ng mga guro, kaya't nararapat pa ding pagtuunan ng pansin ng mga admistrador at tagapaggawa ng patakaran upang mapabuti ang kalagayan sa pagtuturo ng panitikan.

Sa pag-aaral ni Abel (2022), gamit ang resulta ng Phil-IRI noong taong panuruan 2018-2019 at 2020-2022, inilahad ang lebel ng performans sa pagbasa nang may pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral sa baitang walo. Natuklasan na maraming bilang ng mga mag-aaral ang magkasamang *instructional* at *frustration readers* na nakararanas ng kahirapan sa pagbasa at pag-unawa batay sa resulta mula sa *word reading score* at *comprehension score*. Ipinakita din sa loob ng dalawang panuruan, halos kalahati lamang ng buong populasyon ang nasa kategorya ng *independent readers*. Napakalaki ang bilang ng mga mag-aaral ang nangangailangan pa ng gabay kapag nagbabasang may pag-unawa.

Bilang karagdagan, ang mga kasanayang bumubuo sa makrong ito ay laging magkakasama at hindi maaaring paghiwalayin kung nais madebelop ang kakayahan ng isang mag-aaral. Maging matagumpay at epektibo lamang ang mga ito kung masusubukan sa pakikipagtalastasan, pasulat man o pasalita. Kaya nga may tinatawag na reseptib na tumutukoy sa pagsasalita, pagsulat, at panonood habang ang ekspresib naman ay pagbasa at pakikinig. Habang natututo ang isang mag-aaral ay umuunlad din dapat ang kaniyang makrong kasanayan lalo na sa pagbasa nang may unawa.

Sa isinagawang pag-aaral ni Payapat (2022), sinang-ayunan ng mga mag-aaral ang mga suliraning kinakaharap sa pagkatuto ng panitikang pandaigdig batay sa aytem na nagsasaad ng "nakaaapekto sa pagpapahalaga sa teksto ang mababang komprehensyon. Ang limitadong kaalaman sa kasaysayang pinagmulan ng teskto ay magiging balakid sa pag-unawa nito. Ang

kakulangan din sa kamalayan sa kultura ng isang bansa ay suliranin sa malalim na pagsusuri sa imahe ng akda at ang salat na hangaring mapalawak ang kaalaman ay nakakaapekto sa pagpapalalim ng kamalayang pandaigdig gamit ang panitikan.

Napatunayan sa pag-aaral ni Gavino, (2022), ang mga hamong kinakaharap ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturong *blended* ang distraksiyon sa mga mag-aaral na gumagamit ng *cellphone* at iba pang gadgets, mababang bahagdan ng mga mag-aaral na lumahok at sumagot sa harapan man o modyular na modalidad at ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa paksa ng aralin.

Sang-ayon sa pag-aaral ni Gutierrez (2022), na lubos na ginagamit ng mga guro ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino na kung saan nangunguna ang estratehiyang naiiugnay sa pagtuturo sa iba't ibang kasanayan gamit nag pinag-isang kasanayan o integratibong pamamaraan. Ito ay nagpapatunay lamang na ang mga guro ay patuloy na humahanap ng mga paraan upang maging mabisa ang pagtuturo ng wikang Filipino. Ang mga guro ay gumagamiting mga estratehiya batay sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na pumupukaw ng atensyon at interes. Sa paggamit ng iba't ibang estratehiya nagiging madali para sa mga mag-aaral ang pagkatuto ng wikang Filipino.

Sa saliksik na isinagawa ni Vetuz (2025), na ang suliranin sa pagtuturo sa limitadong oras sa klase para maipaliwanag ng buo ang konseptong ng feminismo, isang mahalagang punto na nagbibigay-diin sa instraktural na limitasyon sa loob ng silid-aralan. Sa dami ng araling dapat talakayin sa asignaturang Filipino, tila kulang ang oras upang mapalalim ang diskusyon lalo na kung sensitibo at multidimensyonal ang temang kasarian. Kasama din dito ang paggamit ng teleserye.

Lumabas sa pag-aaral ni Bisana (2023), lubos na suliranin ang nakukulangan sa kaalaman sa mga estratehiya sa pagpapabasa. Sa kabuoan may suliraning kinakaharap ang guro sa pagpapabasa. Mahalaga ang pagkakaroon ng mga estratehiya sa pagtuturo kung ang layon ay maipaunawa sa mga mag-aaral ang tuon ng pinag-aaralan.

Dagdag paliwanag ni Bisana (2023), naobserbahan na ang mga pangunahing suliranin sa paggamit ng tatlong yugto sa pagpapabasa ay ang kakulangan sa kaalaman sa mga estratehiya sa pagpapabasa at hindi sapat na ugnayan mula sa mga magulang sa pagpapabasa. Marapat na ang guro ay mayroong sapat na karanasan sa pagtuturo sa pagbasa dahil ito ang magsisilbing pundasyon niya sa pagiging epektibong guro sa pagtuturo.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral ni Aparri (2019), lubos na suliraning nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng patulang uri ng panitikan ay ang kakulangan ng library na mapupuntahan ngmga mag-aaral upang magbasa, gayundin ang kakulangan sa kaalaman ng makabagong pamamaraan o estratehiyang pampagtuturo.

Natuklasan sa pag-aaral ni Alday (2024), na ang pag-aaral ay nakasentro sa mga layuning matukoy ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa tulad ng bokabularyo, pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, pangunahing diwa at sanhi at bunga. Maging ang mga estratehiyang ginamit na kaugnay ng bawat dulog. Natuklasang ang mga mag-aaral ay may mababang kaalaman sa bokabularyo o talasalitaan, mababa ang bahagdan ng mga mag-aaral sa antas ng hulwaran ng mga teksto, may kahinaan ang antas na kaalaman ng mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

mag-aaral sa pagkuha ng pangunahing diwa ng binasang kuwento o akda, may katamtamang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagkilala ng sanhi at bunga. Lumabas lahat ng mga aytem ay may suliraning nararanasan ang mga mag-aaral.

Natuklasan sa pag-aaral ni Villanueva (2021), na kabilang sa mga suliranin ng mga guro ay ang kakulangan sa material pagtataya at mabilis na paglaganap sa wikang balbal na siyang mas madalas gamitin ng mga mag-aaral na kasama sa alituntuning pangwika. Marami at mahalaga ang naidudulot ng pag-aaral sa paggamit ng wika. Nakita ng mga guro at mag-aaral sa kanilang sarili na magpatuloy at magpatuloy ang pag-iral ng paggamit ng kulturang popular ng wikang Filipino sa lahat ng antas ng pamumuhay ng tao sa lipunan.

**Kagamitang Panturo**

Lumabas sa pag-aaral ni Atienza (2022), ang makabagong teknolohiya na ang guro upang sa pagpapaunlad ng kaalaman ng ating mag-aaral. Bagama't may mga balakid upang mas lalong mailahad ng mga mag-aaral ang kanilang angking galing hindi lamang sa pang- akademiko bagkus maging sa paggamit ng teknolohiya ay lalo pang mahihikayat ang iba na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral sapagkat magkakaroon sila ng interes.

Sa pag-aaral ni Martinez (2025), ang mga guro ay palaging gumagamit ng kagamitang pampagtuturong awdyo, biswal, at kombinasyon. Gayundin, may mataas na epekto ang paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa ganitong pamamaraan ang mga mag-aaral ay hindi lamang natututo kundi napapataas pa nito ang kawilihan ng mga mag-aarala na makinig at makisabay sa oras ng klase.

Lumabas sa pag-aaral ni Hortelano (2022) na mas mahusay ang mga guro sa paggamit ng teknolohiyang pang-impormasyon at komunikasyon batay sa layunin. Samantala, mahusay ang mga guro sa paggamit ng teknolohiyang pang-impormasyon at komunikasyon batay sa nilalaman, estratehiya, kagamitang panturo at pagtataya. Naisakatuparan ng mga guro ang hangganan ng kahusayan sa paggamit ng teknolohiyang pang-impormasyon at komunikasyon batay sa aktibong pagtuturo, pasibong pagtuturo at konstruktibong pagtuturo. Idagdag pa dito, may mahalaga at positibong kaugnayan ang lebel ng kahusayan at ang hangganan manipestasyon ng paggamit ng teknolohiyang pang-impormasyon at komunikasyon.

Lumabas sa pananaliksik ni De Guzman (2023), ang uri ng *platform* na ginamit, *youtube* ang laging ginagamit ng guro bilang online platform sa pagtuturo. Gayundin ginagamit din sa pagtuturo ang *Canva, Google Meet, Google Classroom, Zoom, Microsoft teams*, at may ilang gumagamit rin sa klase ng *kahoot!, edmodo, at quizlet*. Ang paglipat mula sa tradisyonal na *face-to-face* na pag-aaral patungo sa higit nabago na konsepto ng pag-aaral na *distance learning* ay isang malaking transisyon. Gayunpaman, ang ganitong pamamaraan ay mahalagang isalang-alang na nagbubukas ng mga bagong oportunidad para sa pag-unlad ng edukasyon sa bansa.

Sa pag-aaral ni Allado (2025), na ang mga guro ay patuloy pa din sa pagdebelop ng mga posibleng epektibong estratehiya gamit ang ICT sa pagtuturo at lubos na pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinagbubuti ng mga propesyonal ang kanilang kasanayan sa pamamagitan ng paggamit ng mga teknolohiya. Ipinatupad ang ICT para sa gawain ng guro at mga bata. Karamihan sa mga guro ay nakaranas ng mga implikasyon sa paggamit ng teknolohiya lalo na sa gitna ng pandemya.

Online ISSN: 3082-5121
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Iilan sa mga guro ay walang alam sa paggamit ng teknolohiya, kung mayroon man, mabibilang lamang.

**Metodolohiya ng Pananaliksik**

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Ang kalahok sa pag-aaral na ito ay ang guro sa Filipino na binubuo ng 105 mula Senior High School ng Sangay ng Lunsod Batangas na nagtuturo ng asignaturang pagbasa at pagsusuri ng teksto.

| Mga Paaralan | Bilang ng mga Kalahok |
|---|---|
| Alangilan SHS | 9 |
| Balete IS | 2 |
| Banaba West IS | 5 |
| Batangas City IHS | 40 |
| Batangas City School for the Arts | 3 |
| Conde Labac NHS | 5 |
| Gulod SHS | 4 |
| Libjo NHS | 4 |
| Natalia V. Ramos MIHS | 2 |
| Paharang IS | 3 |
| Pinamukan IS | 4 |
| San Agapito IS | 1 |
| San Agustin NHS | 1 |
| San Antonio NHS | 1 |
| Sta. Rita NHS | 3 |
| Sto. Niño NHS | 1 |
| Tabangao IS | 4 |
| Talahib Pandayan IS | 3 |
| Talumpok IS | 2 |
| Pedro S. Tolentino MIS | 8 |
| | 105 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Instrumentong Ginamit**

Gumamit ng talatanungan ang mananaliksik sa pag-aaral. Binubuo ang pananaliksik ng pagsasakaturan ng pagtuturo ng asignaturang pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto, estratehiyang ginagamit sa pagtuturo, suliraning nararanasan sa pagtuturo, at ang huling bahagi nito ay ang pagbuo ng kagamitang pang-interbensiyon.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Sa bahaging ito mababasa ang mga hakbang na isinasagawa ng mananaliksik na naging pangangalap ng mga datos.

**Talatanungan.** Ito ang isa sa mahalagang at pangunahing instrumentong ginamit ng pananliksik sa pangangalap ng mga datos na may kinalaman sa isinasagawang pag-aaral para sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto.

**Paghahanda ng Talatanungan.** Bilang unang hakbang sa pangangalap ng mga datos, ang pananaliksik ay nagbasa ng iba't ibang babasahing may kaugnayan sa paksang pinag-aaralan upang makabuo ng mga tanong na sasagot sa layunin ng pag-aaral. Matapos makabuo ng mga tanong at mailatag, ipinakita at ipinabasa ito sa tagapayo para masuri ang kaangkupan ng gamit ng mga salita at konstraksiyon ng mga tanong maging ang paksa nito. Mahalagang marinig at makita ng mananaliksik ang mungkahi ng tagapayo upang ito'y maisaayos.

**Balidasyon.** Matapos ipawasto sa tagapayo, iniharap ito sa tagapangulo ng lupon at iba pang miyembro upang hingin din ang kanilang mahalagang puna at mungkahi upang maitama na muli ito ng mananaliksik batay sa sinasabi ng lupon at ipapabasa na muli sa tagapayo. Pagkatapos nito, nagkaroon ng *reliability testing* bilang paunang pagtataya sa katumpakan at kaayusan sa paggamit ng instrumentong talatanungan. Isinasagawa din ito upang malaman kung maari nang ipamigay ayo sa bilang ng mga kalahok.

**Pamimigay ng Talatanungan.** Bago mamigay ng mga talatanungan, gumawa muna ang mananaliksik ng liham pahintulot sa gagawing pamimigay ng talatanungan. Sa pagkakataong ito, ang liham na may lagda ng pananaliksik, tagapayo at dekana ng kolehiyo ay ipinadala din sa Pansangay na Tagapamihala ng mga Paaralan sa Sangay ng Lunsod Batangas upang magpatibay ang ginawang pangangalap ng impormasyon. Habang naghihintay sa pagbalik ng pahintulot, gumawa na ang mananaliksik ng *google forms* para sa mabilis na pammahagi ng talatanungan. Kaya naman, nang napirmahan na ang liham ay nagpasagot na agad ang mananaliksik sa mga gurong kalahok.

**Pagkuha ng Datos.** Sinikap na mapasagutan ng mga mananaliksik ang talatanungan sa lahat ng kalahok sa Sangay ng Lunsod Batangas na nagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik. Habang namimigay ng talatanungan, ipinaliliwanag ng mananliksik ang layunin at bahagi ng laman nito. Buong-pusong hinintay ng mananaliksik ang talatanungan na ibinigay sa mga guro na siyang mahalagang datos para sa susunod na hakbang. Ngunit sa panahong hindi agad nasagutan ito, nagtakda na ang mananaliksik ng araw kung kailan maari na niya itong balikan at kuhanin.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Pag-iiskor.** Tinipon ng mananaliksik ang lahat ng pinasagutang talatanunangan. Sinimulan ito sa pamamagitan ng paghahanay at pagsusuri para sa maayos na pagsusuri upang bigyang -kahulugan ang mga nakalap na datos. Inihanay ang mga ito upang maayos itong maiharap sa *statistician* para sa pang-estadistikang hakbang. Gumamit ang mananaliksik ng *four scale* sa pamimigay ng interpretasyon sa weighted mean na nakukuha sa pag-aaral na ito. Narito ang mga opsyon at ang berbal na interpretasyon.

***Pearson's r Cofficient of Correlation*.** Ito ay ginamit upang malaman kung may signipikanteng kaugnayan ang dalawang pangunahing baryabol sa pag-aaral na ito.

**Triment ng mga Datos.** Gumamit ang mananaliksik ng payak na estatistikal na pagkalkula ng mga datos upang magkaroon ng maayos at katanggap-tanggap na pagpapakahulugan sa mga nakalap na datos.

***Composite Mean.*** Ito ay ginamit ng mananaliksik upang makuha ang kabuoan ng *weighted mean*.

***Weighted Mean*.** Ito ay ginamit ito upang makuha ang mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo bago, habang at pagkatapos magbasa ng iba't ibang teksto at mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik.

**PRESENTASYON, ANALISIS AT INTERPRETASYON NG DATOS**

**Talahanayan 1**
**Lebel ng Kahusayan sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto**

| Batay sa Mga Layunin | *Weighted Mean* | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 1. Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig. | 3.77 | Lubos na Natatalakay |
| 2. Naibabahagi ang katangian at kalikasan ng iba't ibang tekstong binasa. | 3.73 | Lubos na Natatalakay |
| 3. Nakasusulat ng ilang halimbawa ng iba't ibang uri ng teksto. | 3.72 | Lubos na Natatalakay |
| 4. Natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit ng iba't ibang uri ng tekstong binasa. | 3.69 | Lubos na Natatalakay |
| 5. Nakakukuha ng angkop na datos upang mapaunlad ang sariling tekstong isinulat. | 3.61 | Lubos na Natatalakay |
| ***Composite Mean*** | **3.70** | **Lubos na Natatalakay** |

Ipinakikita ng talahanayan I, lebel ng kahusayan sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto batay sa naging layunin ay nanguna ang Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig na may weighted mean na 3.77 na may interpretasyong berbal na lubos na natatalakay. Ipinakikita nito na nagiging epektibo ang pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto kapag may malinaw na kaugnayan ito sa personal na karanasan ng mga mag-aaral. Mas mabilis nilang nauunawaan at mas tumatatak sa kanilang isipan ang binabasa kapag naihahambing nila ito sa sarili nilang buhay at sa mga sitwasyong pamilyar sa kanila.

Dahil dito, hindi lamang nagtatapos sa pag-alam ng impormasyon ang pag-unawa sa teksto, kundi nagiging malalim at makahulugan ang interpretasyon. Ipinapakita din nito na ang guro ay may kakayahang gumamit ng mga paraang nagtutulak sa mga mag-aaral na mag-isip nang malawak—mula sa personal na karanasan hanggang sa pag-unawa sa mga isyung panlipunan at pandaigdig. Sa kabuoan, lubos na natatalakay ang kasanayang ito at malaki ang naitutulong nito sa paghubog ng kritikal at mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral.

Samantalang, nakakuha ng angkop na datos upang mapaunlad ang sariling tekstong isinulat na may pinakamababang *weighted mean* na 3.61 na may interpretasyong berbal na lubos na natatalakay. Batay sa karaniwang karanasan ng mga manunulat o mag-aaral sa panahon ng aking pagtuturo, hindi talaga madali ang tamang pagpili at pagsusuri ng datos. Kadalasan, napagtutuunan ng pansin ang pangangalap ng maraming impormasyon kaysa sa pagtiyak kung angkop at kapaki-pakinabang ba ang mga ito sa layunin ng isinusulat na teksto. May mga pagkakataon na kahit sapat ang datos, hindi pa din nito lubos na napapalakas ang argumento dahil hindi malinaw ang ugnayan nito sa pangunahing ideya.

Sa pagdaan ng panahon at sa patuloy na pagsulat, unti-unting nauunawaan na nagiging epektibo ang akda kapag sinasabayan ng masusing pagbasa, tamang paggamit ng sanggunian, at malinaw na pagpapaliwanag kung paano sumusuporta ang datos sa sariling pananaw. Dahil dito, mahalaga ang patuloy na pagsasanay at paggabay upang higit pang mahubog at mapahusay ang kasanayang ito sa pagsulat. (Fababaer, 2025).

Sang-ayon kay Sachez 2023, ang pag-uugnay-ugnay ng mga gawain ay nagdudulot nang maayos, madali, makahulugan, at mabisang pagtuturo at pagkatuto, nag-aambag ito ng iba't ibang karanasan sa mga mag-aaral tungo sa pagtamo nila ng mgaminimithing kaalaman, pagkamit ng kasanayan at pagpapahalaga sa kanilang sarili at kapiligiran. Dahil dito, mas nagiging handa ang mga mag-aaral na harapin ang mga hamon, mas nauunawaan nila ang kanilang papel sa lipunan, at nagiging aktibo at responsableng kalahok sa kanilang sariling pagkatuto at sa komunidad. Ang ganitong karanasan ay tumutulong sa mga mag-aaral na higit pang hasain ang kanilang kakayahan at maging handa sa pagharap sa iba't ibang hamon sa pagkatuto at sa pang-araw-araw na buhay. Kasabay nito, natututuhan nilang maunawaan ang kanilang papel sa lipunan at maging aktibo at responsableng kalahok sa sariling pagkatuto at sa komunidad.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Talahanayan 2**
**Lebel ng Kahusayan sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto**

| Batay sa mga Nilalaman | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 1. Nauunawaan ang tekstong impormatibo bilang bahagi ng aralin. | 3.77 | Lubos na Natatalakay |
| 2. Nakakapagbigay ng tamang katuwiran sa pamamagitan ng paggamit ng tekstong argumentatibo. | 3.72 | Lubos na Natatalakay |
| 3. Nakasusulat ng tekstong naratibo pagkatapos bumasa. | 3.71 | Lubos na Natatalakay |
| 4. Nasusuri ang tekstong deskriptibo sa tiyak paksa ng aralin. | 3.68 | Lubos na Natatalakay |
| 5. Nakabubuo ng tekstong persweysib sa pagtalakay ng mga aralin bunga ng pagbabasa. | 3.63 | Lubos na Natatalakay |
| ***Composite Mean*** | **3.70** | **Lubos na Natatalakay** |

Ipinamamalas ng talahanayan 2, lebel ng kahusayan sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto batay sa naging nilalaman ang lebel ng kahusayan sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto nanguna ang “nauunawaan ang tekstong impormatibo, bilang bahagi ng aralin” na may weighted wean na 3.77 na may interpretasyong berbal na lubos na natatalakay.

Ipinapakita nito na malinaw at maayos na naipapaliwanag ng guro ang layunin, nilalaman, at estruktura ng tekstong impormatibo kaya nagiging madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang kanilang binabasa. Sa paggamit ng mga angkop na estratehiya tulad ng pagbibigay ng kongkretong halimbawa, bukas na talakayan, at paggabay sa pagtukoy ng mahahalagang detalye, nahihikayat ang mga mag-aaral na maging aktibo sa proseso ng pag-unawa. Dahil dito, hindi lamang sila nagbabasa para makakuha ng impormasyon, kundi natututuhan din nilang pag-isipan, suriin, at gamitin ang mga impormasyong ito sa iba’t ibang gawain na isang mahalagang kasanayan sa kanilang akademikong pagkatuto.

Nasa pinakahuling bilang naman ang nakabubuo ng tekstong persweysib sa pagtalakay ng mga aralin bunga ng pagbabasa na nagkamit ng weighted wean na 3.63 na may interpretasyong berbal na lubos na natatalakay. Ipinapakita nito na nagagawa ng mga mag-aaral na gamitin ang mga ideya at impormasyong nakuha mula sa kanilang binasa upang makabuo ng malinaw at makatuwirang pangangatuwiran. Sa tulong ng maayos na paggabay ng guro, tulad ng pagpapaliwanag ng estruktura ng tekstong persweysib at pagbibigay ng kongkretong halimbawa, natututuhan nilang magpahayag ng sariling opinyon na sinusuportahan ng sapat na ebidensya. Dahil dito, hindi lamang nahahasa ang kanilang kasanayan sa pagsulat kundi napalalakas din ang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

kanilang kritikal na pag-iisip at kakayahang manghikayat batay sa masusing at makabuluhang pagbasa.

Natuklasan sa pag-aaral ni Sanchez (2020), ang pagbasa ay ang interpretasyon ng mga nakalimbag na simbolo ng kaisipan, pagpapakahulugan ito ng mga nakatitik na sagisag ng mga kaisipan. Sa tulong ng pagbabasa, mauunawaan pa natin nag mga bagay-bagay na nagaganap sa ating kapaligiran. Hindi lamang karunungan ang ating malalaman kundi kamalayan din sa kapaligiran at sa mga nagdaan.

**Talahanayan 3**
**Lebel ng Kahusayan sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto**

| Batay sa mga Gawaing Pangklase | *Weighted Mean* | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 1. Nagsasaalang-alang ang guro ng iba't ibang istilo ng pagkatuto sa pagpili ng mga gawain. | 3.77 | Lubos na Natatalakay |
| 2. Nanghihikayat ng kolaborasyon at aktibong pagkatuto. | 3.77 | Lubos na Natatalakay |
| 3. Napapaunlad ang Komprehensyon ng mga mag-aaral | 3.77 | Lubos na Natatalakay |
| 4. Nakapagpapalawak ng kakayahang magbasa at magsuri ang mga Mag-aaral | 3.76 | Lubos na Natatalakay |
| 5. Nakakapagbalanse sa pagitan ng indibidwal, pangkat, at buong klaseng aktibidad. | 3.71 | Lubos na Natatalakay |
| ***Composite Mean*** | **3.75** | **Lubos na Natatalakay** |

Matutunghayan sa talahayan 3, lebel ng kahusayan sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto batay sa gawaing pangklase ang may pinakamataas na weighted mean na 3.77 ang nagsasaalang-alang ang guro ng iba't ibang istilo ng pagkatuto sa pagpili ng mga gawain na may interpretasyong berbal na lubos na natatalakay.

Ipinapakita nito na may malinaw na pag-unawa ang guro sa pagkakaiba-iba ng kakayahan at paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral, kaya maingat niyang pinipili ang mga gawaing angkop sa iba't ibang istilo tulad ng biswal, pandinig, at kinestetik. Sa paggamit ng iba't ibang uri ng gawain gaya ng talakayan, pangkatang aktibidad, pagbasa, at malikhaing pagsulat, nahihikayat ang mga mag-aaral na makilahok at maging interesado sa pag-unawa at pagsusuri ng teksto. Dahil dito, nagiging madali para sa kanila ang pagkatuto at lumalalim ang kanilang pag-unawa, na nagpapakita na epektibo at lubos na naipatutupad ang ganitong estratehiya sa loob ng silid-aralan.

Ngunit nakakuha naman ng pinakamababang weighted mean na 3.71 na may interpretasyong berbal na lubos na natatalakay ang "nakakapagbalanse sa pagitan ng indibidwal,

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

pangkat, at buong klaseng aktibidad." Ipinapakita nito na may kakayahan ang guro na magplano at magpatupad ng mga gawain para sa indibidwal, pangkat, at buong klase, ngunit may pagkakataon pa din na maaaring pag-isipan ang tamang paghahati o kombinasyon ng mga aktibidad upang matiyak na lahat ng mag-aaral ay nakikinabang nang pantay. Sa pamamagitan ng maingat na pagpaplano at pag-aangkop ng mga gawain batay sa pangangailangan at antas ng bawat mag-aaral, napapalakas ang kanilang pakikilahok, interaksyon, at pagkatuto. Sa huli, nagiging epektibo ang pagtuturo, buhay at aktibo ang kapaligiran sa loob ng klase.

Batay kay Liwanag (2023), ang simulain o prinsipyo sa pagtuturo ng pagbasa ay mga paglalahat sa gawaing pagbasa na ibinatay sa mga pananaliksik sa larang ng pagbasa at obserbasyon ng mga praktis ng mga guro. Ang mga simulain ng pagtuturo ng pagbasa ay makatutulong sa mga guro sa mga pagpaplano ng pagtuturo ng pagbasa sa silid-aralan.

**Talahanayan 4**
**Lebel ng Kahusayan sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto**

| Batay sa Pagtataya | *Weighted Mean* | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 1. Nakagagamit ng iba't ibang anyo ng pagtataya (hal. pasulat, pasalita, performance task). | 3.83 | Lubos na Natatalakay |
| 2. Nagbibigay-linaw sa pamantayan o rubrik ang mga gawaing pinagtatayaan. | 3.79 | Lubos na Natatalakay |
| 3. Nabibigyan ng *feedback* ang mga mag-aaral kaugnay ng kanilang sagot o gawa. | 3.74 | Lubos na Natatalakay |
| 4. Nasusukat ang kasanayan sa pagbasa at pagsusuri. | 3.74 | Lubos na Natatalakay |
| 5. Nalilinaw ang ugnayan ang pagtataya sa paghahanda ng mag-aaral para sa pananaliksik. | 3.64 | Lubos na Natatalakay |
| ***Composite Mean*** | **3.75** | **Lubos na Natatalakay** |

Mapapansin sa talahanayan 4, lebel ng kahusayan sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto batay sa layunin ang may pinakamataas na weighted mean na 3.83 ang nakagagamit ng iba't ibang anyo ng pagtataya (hal. pasulat, pasalita, performance task) na may berbal na interpretasyon na lubos na natatalakay. Ipinapakita nito na may kakayahan ang guro na magplano at magpatupad ng iba't ibang paraan ng pagtataya upang masukat ang pag-unawa, kasanayan, at kakayahan ng bawat mag-aaral sa iba't ibang sitwasyon. Sa paggamit ng pasulat, pasalita, at *performance task*, naipapakita ang kani-kanilang lakas at estilo ng pagkatuto, kaya patas at epektibo ang proseso ng pagtataya. Bukod dito, nagiging aktibo at motivated ang mga mag-aaral dahil nabibigyan sila ng pagkakataong maipakita ang kanilang kaalaman sa paraang pinakamainam para sa kanila, na nagreresulta sa malalim at makabuluhang pagkatuto.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Nagkamit na pinakamababang *weighted mean* ang nalilinaw ang ugnayan ang pagtataya sa paghahanda ng mag-aaral para sa pananaliksik na 3.64 na na may berbal na interpretasyon na lubos na natatalakay. Ipinakikita nito na kahit sinusukat ng guro ang kakayahan ng mga mag-aaral, may puwang pa para malinaw na maipakita kung paano nakakatulong ang bawat pagtataya sa kanilang paghahanda para sa pananaliksik. Halimbawa, maaaring ipaliwanag kung paano nakatutulong ang mga pagsusulit, proyekto, o iba pang gawain sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pangangalap ng datos, pagsusuri, at pagsulat ng ulat. Sa malinaw at maayos na ugnayan ng pagtataya at pananaliksik, nagiging handa at tiwala ang mga mag-aaral sa paggawa ng makabuluhang pananaliksik, at higit nilang nauunawaan ang kahalagahan ng bawat pagtataya sa kanilang pagkatuto.

Sang-ayon sa isinagawang pag-aaral ni Sanchez (2023), ang pag-uugnay-ugnay ng mga gawain ay nagdudulot nang maayos, madali, makahulugan, at mabisang pagtuturo at pagkatuto; Nag-aambag ito ng iba't ibang karanasan sa mga mag-aaral tungo sa pagtamo nila ng mga minimithing kaalaman, pagkamit ng kasanayan at pagpapahalaga sa kanilang sarili at kapiligiran; nagkakarooon ng tiwala sa sarili ang mag-aaral at guro sapagkat may direksyon ang pagtuturo at pagkatuto; nagkakaroon din ang mga guro ng kawilihan, magaan at sistematikong pagtuturo; nababawasan ang pagiging dominante ng guro sa pagsasalita o pagtalakay ng aralin sa loob ng silid-aralan.

Bilang kongklusyon sa pagtuturo kailangan ang napabagong pamamaraan sa pagtuturo para sa epektibong pagtuturo. Nakasalalay sa mga guro ang mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa tulong ng makabagong mapamaraan o kagamitang pampagtuturo, magiging pokus ang mga mag-aaral sa pagpapaunlad sa kaalamang matatamo sa itinuturo ng guro. Walang pinagkaiba sa pag-aaral ni Barreon (2023), na ang mga guro ay may kinalaman sa aspektong estratehiya na natatalakay ng iba't ibang nakapaloob sa binagong kurikulum; nagkakaroon ng resiprokal na interaksiyon ang guro at mga mag-aaral; nailalapat nag mabisang proseso ng pagkatuto; at napipili ng angkop na kakayahan at kawilihan ng mga mag-aaral. Ang antas na partisipasyon ng mga mag-aaralay natataya sa talakayan; natuklasan ang mga suliraning nakahahadlang sa mga progreso ng pag-aaral; nakapagpapahayag ng mga ideya o kaisipan ang mga mag-aaral at nasusukat ang antas ng kaalaman at kasanayang natutuhan ng mga mag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Talahanayan 5**
**Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pasusuri ng mga Teksto**

| Batay sa mga Tanong-sagot | *Weighted Mean* | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 1. Nakatutulong ang tanong-sagot sa pagpapalawak ng pag-unawa ng mag-aaral sa teksto. | 3.83 | Lubos na Ginagamit |
| 2. Nakakapukaw ito ng interes ng mga mag-aaral sa paksa | 3.77 | Lubos na Ginagamit |
| 3. Nagbibigay ng sapat na pagkakataon sa lahat ng mag-aaral na makilahok | 3.76 | Lubos na Ginagamit |
| 4. Nagbibigyan ng sapat na pagkakataon sa lahat ng mag-aaral na makilahok. | 3.76 | Lubos na Ginagamit |
| 5. Nagiging epektibo sa paghahanda ng mga mag-aaral para sa pagsusuri ng teksto. | 3.71 | Lubos na Ginagamit |
| ***Composite Mean*** | **3.77** | **Lubos na Ginagamit** |

Makikita sa talahanan 5 ang hangganan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pasusuri ng mga teksto batay sa tanong-sagot ang nakatutulong ang tanong-sagot sa pagpapalawak ng pag-unawa ng mag-aaral sa teksto na may weighted mean na 3.83 na may berbal interpretasyon na lubos na ginagamit. Ipinapakita nito na sa pamamagitan ng aktibong tanong-sagot, nabibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong masusing suriin, linawin, at palalimin ang kanilang pag-unawa sa binabasang teksto. Ang pamamaraang ito ay hindi lamang nagpapalakas ng kanilang kakayahang mag-isip nang kritikal, kundi nagbubukas din ng malawak na pananaw at kaalaman. Bukod dito, nagiging interaktibo ang klase, dahil nahihikayat ang bawat mag-aaral na makilahok, ipahayag ang sariling opinyon, at makipag-usap sa guro at mga kaklase na nagreresulta sa buhay at makabuluhang karanasan sa pagkatuto.

May pinakamababang *weighted mean* na 3.71 naman ang nagiging epektibo sa paghahanda ng mga mag-aaral para sa pagsusuri ng teksto na may berbal interpretasyon na lubos na ginagamit. Tumutugma sa pag-aaral ni Alday (2024), sa pagtuturo at pagsusuri ng teskto ayon sa antas ng kaalaman sa pagbasang may pag-unawa. Natuklasan na may kahinaan ang antas na kalaman ng mga mag-aaral sa pagkuha ng pangunahing diwa sa binasang kuwento o akda, sanhi at bunga ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng kaalaman sa pagkilala ng binasang teksto.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Talahanayan 6**
**Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pasusuri ng mga Teksto**

| **Batay sa *Graphic Organizer*** | ***Weighted Mean*** | **Interpretasyong Berbal** |
|---|---|---|
| 1. Nagbibigay nang kasiyahan at interes sa mga mag-aaral. | 3.74 | Lubos na Ginagamit |
| 2. Nakatutulong upang maayos na maipakita ang relasyon ng mga konsepto. | 3.74 | Lubos na Ginagamit |
| 3. Nagpapadali sa pag-unawa ng mga kumplikadong impormasyon. | 3.69 | Lubos na Ginagamit |
| 4. Nagpapalakas ang kakayahan ng mag-aaral sa pagbuo ng sariling interpretasyon. | 3.69 | Lubos na Ginagamit |
| 5. Nakatutulong ang *graphic organizer* sa pagpapalinaw ng mahahalagang ideya sa teksto. | 3.68 | Lubos na Ginagamit |
| ***Composite Mean*** | **3.71** | **Lubos na Ginagamit** |

Matutunghayan sa talahanan 6 ang hangganan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pasusuri ng mga teksto batay sa *graphic organizer* ang may pinakamataas na weighted mean na 3.74 na may berbal na interpretasyon na lubos na ginagamit ang "nagbibigay nang kasiyahan at interes sa mga mag-aaral." Ipinapakita nito na sa pamamagitan ng malinaw at maayos na presentasyon ng impormasyon gamit ang *graphic organizer*, napapansin at nahuhuli ang atensyon ng mga mag-aaral, kaya nagiging kawili-wili ang aralin. Ang ganitong paraan ay hindi lamang nagpapadali sa pag-unawa at pagsasaayos ng mga ideya, kundi nagdudulot din ng kasiyahan at interaktibong karanasan sa pagkatuto. Dahil dito, nagiging motivated ang mga mag-aaral na makilahok, naiintindihan nila ang mga konsepto, at natatandaan nila ang mahahalagang nilalaman ng aralin.

Nagkaroon naman ng pinakamababang *weighted mean* na 3.68 ang nakatutulong ang *graphic organizer* sa pagpapalinaw ng mahahalagang ideya sa teksto na may berbal interpretasyon na lubos na ginagamit. Ipinapakita nito na ang *graphic organizer* ay malaking tulong sa mga mag-aaral upang madaling maunawaan at maisaayos ang mahahalagang ideya sa teksto sa isang malinaw at sistematikong paraan. Sa paggamit nito, mas naipapakita ang ugnayan ng mga ideya, madaling matukoy ang pangunahing punto, at lumalalim ang kanilang pag-unawa sa binabasa. Dahil dito, nagiging handa ang mga mag-aaral sa pagsulat, talakayan, at pagsusuri ng teksto, habang nahuhubog din ang kanilang kritikal at organisadong pag-iisip.

Sinuportahan sa pag-aaral ni Gloria (2021), sa paggawa ng balangkas, pagmamapa, o ang *graphic organizer* para sa mga mag-aaral, maingat at mahusay na makukuha ang nilalaman ng isang teksto. Ginagamit ang *graphic organizer* sa pag-uugnay. Ginagamit din ito upang ibigay

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

ang kategorya ng konsepto ng mga pangyayari, biswal ng mga larawan at mga kaalaman. Nabanggit sa pag-aaral na ang kritikal na lebel ay pag-*monitor* ng sariling pagbasa bilang mambabasa; ebalwasyon ng bisa ng awtor. Pumapasok dito ang ideyang nakapagsasarili, sapagkat nakagagawa ng sariling pangangatuwiran, pagsusuri, paghuhusga, at pagtatasa.

**Talahanayan 7**
**Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pasusuri ng mga Teksto**

| Batay sa Talakayan | *Weighted Mean* | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 1. Nakapagpapalakas ang talakayan ng interaksyon sa loob ng klase. | 3.76 | Lubos na Ginagamit |
| 2. Nakatutulong ang talakayan sa paglilinaw ng mga mahahalagang punto sa aralin. | 3.76 | Lubos na Ginagamit |
| 3. Napauunlad ang pagpapahayag ng sariling opinyon | 3.74 | Lubos na Ginagamit |
| 4. Naiuugnay ng mga ideya mula sa teksto sa tunay na buhay. | 3.74 | Lubos na Ginagamit |
| 5. Nakapagpapasigla ng aktibong pagkatuto. | 3.71 | Lubos na Ginagamit |
| ***Composite Mean*** | **3.74** | **Lubos na Ginagamit** |

Matutunghayan sa talahanayan 7 ang hangganan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pasusuri ng mga teksto batay sa talakayan nangunguna ang nakapagpapalakas ang talakayan ng interaksyon sa loob ng klase na may *weighted mean* na 3.76 na may berbal na interpretasyong berbal na lubos na ginagamit. Ang ganitong interaksyon ay hindi lamang nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral, kundi pinapalakas din nito ang kanilang kumpiyansa, kakayahang makinig, makipagtalakayan, at mag-isip nang kritikal. Dahil dito, nagiging masigla at makabuluhan ang pagkatuto sa loob ng klase, habang sabay na nahuhubog ang kanilang mga kasanayang sosyal at akademiko.

Nagtamo naman ng pinakamababang *weighted mean* na 3.71 ang nakapagpapasigla ng aktibong pagkatuto na may berbal na interpretasyong berbal na lubos na ginagamit. Ipinapakita nito na ang guro ay gumagamit ng mga estratehiya na hinihikayat ang mga mag-aaral na maging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto, tulad ng pagtatanong, talakayan, at iba pang interaktibong gawain. Sa ganitong paraan, mas lumalawak ang kanilang pag-unawa at nahuhubog ang kanilang kritikal na pag-iisip. Nagiging mas buhay at masigla ang klase, habang sabay na nahahasa ang kanilang kakayahang makipagtulungan, magpahayag ng opinyon, at aktibong makilahok sa bawat aralin.

Umaayon sa lumabas na pag-aaral ni Bolima (2022), mahalaga ang paggamit ng iba't ibang estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan. Kaugnay nito, madalas na ginagamit ng mga guro ang mga estratehiya sa pagtuturo batay sa maikiling kuwento. Lubos na mabisa naman ang paggamit ng mga estratihiyang pampanitikan sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kaalamang panlingguwistika at pangnilalaman. Ang antas na paggamit ng estratehiya ay may mataas na kaugnayang lebel sa kabisaan nito. Sa mga nakalap na impormasyon, patuloy pa din ang paggamit ng mga guro sa iba't ibang estratehiya para sa pagiging epektibo ng isinasagawang pagtuturo.

**Talahanayan 8**
**Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pasusuri ng mga Teksto**

| **Batay sa *Think-Pair-Share*** | ***Weighted Mean*** | **Interpretasyong Berbal** |
|---|---|---|
| 1. Nakatutulong sa pagpapahayag ng sariling ideya. | 3.74 | Lubos na Ginagamit |
| 2. Nakatutulong sa mas mabilis na pagproseso ng impormasyon mula sa binasa. | 3.71 | Lubos na Ginagamit |
| 3. Napalalalim ang diskusyon kapag ibinahagi na sa buong klase. | 3.65 | Lubos na Ginagamit |
| 4. Nakapagpapasigla ng aktibong pakikilahok sa klase. | 3.64 | Lubos na Ginagamit |
| 5. Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mas malawak na pananaw matapos makinig sa katuwang. | 3.63 | Lubos na Ginagamit |
| ***Composite Mean*** | **3.67** | **Lubos na Ginagamit** |

Ipinakikita ng talahanayan 8, ang hangganan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pasusuri ng mga teksto batay sa *think-pair-share* ang pinakamataas na *weighted mean* na may 3.74 na nagkaroon ng berbal na interpretasyong lubos na ginagamit. Ipinakikita nito na epektibo at malawakang ginagamit ang *think-pair-share* bilang estratehiya sa pagtuturo. Nakatutulong ito sa pagpapalawak ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto sa pamamagitan ng tatlong hakbang: una, iniisip nila ang sariling sagot o ideya (*think*); ikalawa, ibinabahagi at pinagtatalunan ito sa kapareha (*pair*); at ikatlo, ipinapahayag sa buong klase ang natutuhan o napag-usapan (*share*). Sa ganitong paraan, aktibo ang pakikilahok ng bawat mag-aaral, napapalalim ang kanilang pag-unawa, at nahuhubog ang kanilang kakayahang makipagtalastasan at makinig sa pananaw ng iba. Dahil dito, nagiging interaktibo, masigla, at makabuluhan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa loob ng klase.

Samantalang nagkaroon naman ng pinakamababang *weighted mean* ang nakabubuo ang mga mag-aaral ng malawak na pananaw matapos makinig sa katuwang na may *weighted mean*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

na 3.63 na may lubos na ginagamit. Ipinapakita nito na sa pakikinig sa ideya, opinyon, o paliwanag ng katuwang, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong mapalawak ang kanilang pananaw at maunawaan ang iba't ibang opinyon tungkol sa teksto o paksa. Sa ganitong paraan, nahuhubog ang kanilang kritikal na pag-iisip, kakayahang mag-analisa, at paggalang sa pananaw ng iba. Nagiging bukas ang kanilang isipan at naipapanday ang kasanayan sa kolaboratibong pagkatuto, na nagreresulta sa malalim at makabuluhang pag-unawa.

Sinuportahan naman ni Fallarcuna (2019), lumabas sa pag-aaral na maraming mag-aaral natututo sa paggamit ng guro ng estratehiyang modelong pagpapahayag na binibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral sa malayang pagpapahayag pasalita man o pasulat. Gayundin ang paggamit ng dulog estruktural kung saan sinasanay ng guro ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsulat at pagsasaulo.

Bilang konglusyon, ang paggamit ng estratehiya ay mahalagang salik para sa pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral. Sa tulong ng pamamaraang ito, malilinang ng mga guro ang ang kakayahan ng mga mag-aaral para sa mag epektibong pagtuturo. Sang-ayon sa lumabas na pag-aaral ni Dela Cruz, 2022 na ang pagbibigay ng kongretong halimbawa upang higit na maipaunawa ang mga konsepto sa maikling kuwento ay lubos na ginagamit. Napagtanto na gumagamit ang mga guro ng estratehiya upang mapalawak ang paggamit ng isinasagawang kontekstuwalisasyon.

**Kaugnayan ng Pagtatasang lebel ng kahusayan sa Pagtuturo at ng Hanggang ng Paggamit ng Estratehiya sa Pagtuturo.**

**Talahanayan 9**
**Signipikanteng Kaugnayan ng Pagtatasang Lebel ng Kahusayan sa Pagtuturo ayon sa Layunin at ng Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto**

| **Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto** | ***r-value*** | ***p-value*** | ***Decision on Ho*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|---|---|
| Tanong-Sagot | 0.67 | 0.000014 | *Reject* | *Significant* |
| *Graphic Organizer* | 0.6s6 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |
| Talakayan | 0.66 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |
| *Think-Pair-Share* | 0.52 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |

Batay sa isinagawang pagsusuri, natuklasan na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kahusayan sa pagtuturo ayon sa layunin at ng hangganan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto. Ang mga nakuha na *r-value* mula 0.52 hanggang 0.67 ay nagpapakita ng katamtaman hanggang malakas na positibong ugnayan,

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

samantalang ang mga *p-value* (<0.05) ay nagpapahiwatig na ang mga ugnayang ito ay *statistically significant*.

Ipinapahiwatig ng mga resulta na habang tumataas ang lebel ng kahusayan ng mga guro sa pagtuturo ayon sa layunin, malawak at epektibo rin nilang nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. Kabilang sa mga ito ang Tanong-Sagot (r = 0.67, p = 0.000014), *Graphic Organizer* (r = 0.66, p < 0.00001), Talakayan (r = 0.66, p < 0.00001), at *Think-Pair-Share* (r = 0.52, p < 0.00001). Lahat ng estratehiya ay nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa lebel ng kahusayan sa pagtuturo ayon sa layunin, kaya't tinanggihan ang *null hypothesis (Ho)*.

Ipinakikita ng mga datos na ang mga gurong may mataas na antas ng kahusayan sa pagtuturo ay may kakayahang magpatupad ng iba't ibang estratehiya upang mapabuti ang pag-unawa at pagsusuri ng mga mag-aaral sa mga tekstong binabasa. Ang ganitong resulta ay umaayon sa mga pananaliksik ni Braza (2018), na nagsasaad na ang epektibong paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo sa kabisaan ng estratehiyang ginamit sa paglinang sa pag-unawa ay lubos na mabisa ang estratehiyang ginagamit ng mga titser sa paglinang ng pagbasang may pag-unawa. Ang pag-unawa at angkop na paggamit ng mga salita ay mahalagang kasangkapan ng isang estudyante tungo sa mabisang pakikipagtalastasan. Ang pagtatamo ng malawak na kaalaman at ang madaling pag-unawa sa laman ng mga babasahin ay nakasalalay sa pagtuturo ng titser .

Bilang kongklusyon, malinaw na ang mataas na lebel ng kahusayan sa pagtuturo ay kaugnay ng mabisang paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Ipinapahiwatig nito na ang patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro ay mahalagang salik upang mapahusay ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang nakatuon sa pagbasa at pagsusuri ng mga akda.

**Talahanayan 10**
**Signipikanteng Kaugnayan ng Pagtatasang Lebel ng Kahusayan sa Pagtuturo ayon sa Nilalaman ng mga Aralin at ng Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto**

| Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto | *r-value* | *p-value* | *Decision on Ho* | *Interpretation* |
|---|---|---|---|---|
| Tanong-Sagot | 0.41 | 0.000014 | *Reject* | *Significant* |
| *Graphic Organizer* | 0.47 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |
| Talakayan | 0.45 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |
| *Think-Pair-Share* | 0.37 | 0.000114 | *Reject* | *Significant* |

Batay sa isinagawang pagsusuri, natuklasan na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kahusayan sa pagtuturo ayon sa nilalaman ng mga aralin at ng hangganan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto. Ang mga nakuha na *r-value*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

ay mula 0.37 hanggang 0.47, na nagpapakita ng katamtamang positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ang mga *p-value* (<0.05) ay nagpapahiwatig na ang mga ugnayang ito ay *statistically significant,* kaya't tinanggihan ang *null hypothesis (Ho)* sa lahat ng kaso.

Ayon sa resulta, ang ugnayan sa pagitan ng antas ng kahusayan sa pagtuturo ayon sa nilalaman at sa paggamit ng mga estratehiya ay ang mga sumusunod: graphic organizer (r = 0.47, p < 0.00001), talakayan (r = 0.45, p < 0.00001), tanong-sagot (r = 0.41, p = 0.000014), at *think-pair-share* (r = 0.37, p = 0.000114). Bagaman lahat ay makabuluhan, mapapansing mas mataas ang ugnayan sa paggamit ng *graphic organizer* at talakayan na nagpapahiwatig na ang mga ito ay higit na nauugnay sa kahusayan ng guro sa pagpapaliwanag at pagtalakay ng nilalaman ng aralin.

Ipinapahiwatig ng mga datos na habang tumataas ang kahusayan ng mga guro sa pagtalakay ng nilalaman ng aralin, mas nagiging madalas at epektibo ang paggamit nila ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto. Ang mga resultang ito ay umuugnay sa pag-aaral ni Matic-An (2020) kailangang mahasa ng mga guro ang kanilang kakayahan sa pagtuturo at pagiging dalubhasa sa asignaturang tinuturuan. Dapat maunawaan ng mga guro ang kaligiran ng pagkatuto ng bawat mag-aaral at may kakayahang bumuo ng mga aktibong gawain para makahasa ng isang produktibong mag-aaral. Isa sa mga hamon na kinakaharap sa larang ng edukasyon ay ang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Pangunahing layunin ng pagbasa ay ang alamin ang pangangailan o dahilan kung bakit ang tao ay nagbabasa. Kapag natukoy na ang layunin, maaari ng gumamit ng mga estratehiya upang mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa at ang inaasahang bunga ay matatamo. Ang layuning mabigyan ng mga alternatibong gawain sa pagbasa na maaaring gawin kahit wala ang gabay ng mga guro at mga magulang upang maunawaan ang mga salitang angkop batay sa edad at lebel ng mga mag-aaral. Bagama't ang pagbabasa kung minsan ay nakababagot para sa iba, kung ito ay mabibigyan ng mga alternatibong paraan upang kagiliwan at maunawaan ng mga mag-aaral ay tiyak na hindi lamang sa pagbasa sila magiging mahusay kundi pati na din sa pag-unawa sa tekstong kanilang binabasa.

Bilang kongklusyon, malinaw na ang mataas na antas ng kahusayan ng guro sa pagtalakay ng nilalaman ng aralin ay kaugnay ng mabisang paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto. Ipinapakita nito na ang malalim na pag-unawa ng guro sa nilalaman ay isang mahalagang salik sa pagpili at paggamit ng mga estratehiyang makatutulong sa aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay sa resulta ng pagsusuri, natukoy na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kahusayan sa pagtuturo ayon sa mga gawaing pangklase at ng hangganan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto. Ang mga nakuha na *r-value* ay naglalaro mula 0.61 hanggang 0.69, na nagpapakita ng malakas na positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ang lahat ng *p-value* (<0.00001) ay mababa kaysa sa antas ng kahalagahan na 0.05, kaya't tinanggihan ang *null hypothesis (Ho)* at itinuring na *statistically significant* ang lahat ng ugnayan.

Partikular, ang pinakamalakas na ugnayan ay nakita sa tanong-sagot (r = 0.69, p < 0.00001), kasunod ang talakayan (r = 0.68, p < 0.00001), *think-pair-share* (r = 0.62, p < 0.00001), at *Graphic Organizer* (r = 0.61, p < 0.00001). Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang

kahusayan ng mga guro sa pagsasagawa ng mga gawaing pangklase, mas epektibo nilang nagagamit ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto.

Ang mga resultang ito ay nagpapakita na ang mahusay na pagpaplano at pamamahala ng mga gawaing pangklase ay may malaking impluwensiya sa pagpili at paggamit ng mga estratehiyang pampagtuturo. Kapag mahusay na naisasagawa ng guro ang mga gawaing pangklase, nagkakaroon ng mataas na antas ng partisipasyon at pag-unawa ang mga mag-aaral sa mga tekstong kanilang binabasa at sinusuri. Ito ay umaayon sa mga pag-aaral nina (Samarca et.al 2025), Ang paggamit ng mga angkop na mga estratehiya at kagamitang pampagtuturo sa Filipino ay lubhang mahalaga upang matiyak ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga napapanahong estratehiya, na sinusuportahan ng teknolohiya tulad ng *multimedia, digital platforms, collaborative teaching* at *gamification* ay nagaalok ng mas interaktibo at malikhaing pamamaraan. Ang napapanahong estratehiya sa pagtuturo ay tumutukoy sa mga pamamaraan at teknik na tumutugon sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon, gaya ng integrasyon ng teknolohiya, plataporma ng *online* at mga nababagay na modalidad ng pagkatuto. Layunin nitong pagaanin ang daloy ng pagkatuto at gawing akma ang mga gawain sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral sa makabagong panahon.

Samakatuwid, maipapalagay na ang mataas na antas ng kahusayan ng guro sa pamamahala ng gawaing pangklase ay kaugnay ng epektibong paggamit ng makabagong teknolohiya bilang estratehiya sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto. Ang mga guro na mahusay sa pagpapadaloy ng mga gawaing pangklase ay nagiging matagumpay sa pagpapatupad ng mga estratehiyang nakapagpapasigla sa interes, kooperasyon, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 11**
**Signipikanteng Kaugnayan ng Pagtatasang Lebel ng Kahusayan sa Pagtuturo ayon sa mga Gawaing Pangklase at ng Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto**

| **Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto** | ***r-value*** | ***p-value*** | ***Decision on Ho*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|---|---|
| Tanong-Sagot | 0.69 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |
| *Graphic Organizer* | 0.61 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |
| Talakayan | 0.68 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |
| *Think-Pair-Share* | 0.62 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |

**Talahanayan 12**

**Signipikanteng Kaugnayan ng Pagtatasang Lebel ng Kahusayan sa Pagtuturo ayon sa Pagtataya at ng Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto**

| **Hangganan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto** | ***r-value*** | ***p-value*** | ***Decision on Ho*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|---|---|
| Tanong-Sagot | 0.62 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |
| *Graphic Organizer* | 0.59 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |
| Talakayan | 0.59 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |
| *Think-Pair-Share* | 0.51 | <0.00001 | *Reject* | *Significant* |

Batay sa resulta ng pagsusuri, natuklasan na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kahusayan sa pagtuturo ayon sa pagtataya at ng hangganan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto. Ang mga nakuha na *r-value* ay naglalaro mula 0.51 hanggang 0.62, na nagpapahiwatig ng katamtaman hanggang malakas na positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Lahat ng *p-value* (<0.00001) ay mababa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05, kaya't tinanggihan ang *null hypothesis (Ho)* at itinuring na *statistically significant* ang lahat ng ugnayan.

Sa mga estratehiyang sinuri, ang pinakamataas na ugnayan ay makikita sa tanong-sagot ($r = 0.62$, $p < 0.00001$), kasunod ang *graphic organizer* ($r = 0.59$, $p < 0.00001$), Talakayan ($r = 0.59$, $p < 0.00001$), at *think-pair-share* ($r = 0.51$, $p < 0.00001$). Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang kahusayan ng guro sa paggamit ng mga pamamaraan ng pagtataya, mas nagiging madalas at epektibo rin ang paggamit nila ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto.

Ang mga resultang ito ay nagpapakita na ang mahusay na pagtataya ng guro kabilang ang pagdidisenyo ng mga angkop na pagsusulit, *rubrics*, at iba pang panukat ng pagkatuto ay may direktang kaugnayan sa husay ng pagpapatupad ng mga estratehiya sa pagtuturo. Kapag malinaw ang proseso ng pagtataya, nagiging gabay ito sa pagpili ng mga estratehiyang tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri ng teksto. Ito ay umaayon sa mga pag-aaral nina Aclinin, et al (2023), mahalagang mabigyan ng pansin ang pagtuturo sa mag-aaral ng pagbabasa at pag-unawa sapagkat ito ay lubhang kailangan sa pagsasagawa ng iba't ibang gawain, mula sa pagsunod sa mga panuto, sa pag-alam sa sino, ano, kailan, saan at bakit nangyari ang isang tiyak na pangyayari hanggang sa pakikipagtalastasan tungkol sa kahitna anong unawaan at layunin. Sa simpleng pananaw, ang pagbasa ay pagpapahiwatig sa pag-unawa at kakayahan sa pag- *decode* at pag- unawa sa wika.

Bilang kongklusyon, malinaw na ang mataas na antas ng kahusayan sa pagtataya ay kaugnay ng epektibong paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto. Ang mga gurong mahusay sa pagtataya ay may kakayahang magpatupad ng mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

estratehiyang nagtataguyod ng pag-unawa, kritikal na pag-iisip, at mas mataas na antas ng literasi ng mga mag-aaral.

**I. Suliraning Nararanasan sa Pagtuturo.**

Matutunghayan sa talahanayan 13 ang suliraning nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang pagbasa at pagsusuri ng teksto nangunguna ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mahahabang teksto na may *weighted mean* na 2.57 na may interpretasyong berbal na nararanasan. Sinundan naman ng kakulangan ng mga pasilidad (hal. *library, internet, tech tools*) na may *weighted mean* na 2.55 na may interpretasyong berbal na nararanasan. Panghuli ang kakulangan sa kakayahan ng mag-aaral sa paggawa ng pananaliksik na may *weighted mean* na 2.52 na may interpretasyong berbal na nararanasan.

**Talahanayan 13**
**Suliraning Nararanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto**

| Mga Suliranin | ***Weighted Mean*** | **Interpretasyong Berbal** |
|---|---|---|
| 1. Kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mahahabang teksto. | 2.57 | Nararanasan |
| 2. Kakulangan ng mga pasilidad (hal. library, internet, tech tools). | 2.55 | Nararanasan |
| 3. Kakulangan sa kakayahan ng mag-aaral sa paggawa ng pananaliksik. | 2.52 | Nararanasan |
| 4. Mababang antas ng kasanayan ng mag-aaral sa pagbasa at pagsusuri. | 2.44 | Bahagyang Nararanasan |
| 5. Kakulangan ng pagsasanay o seminar ukol sa pagtuturo ng asignaturang ito. | 2.41 | Bahagyang Nararanasan |
| 6. Kakulangan ng mga angkop na babasahin o materyales sa pagtuturo. | 2.36 | Bahagyang Nararanasan |
| 7. Kakulangan ng oras para sa talakayan at pagsasanay sa klase. | 2.31 | Bahagyang Nararanasan |
| 8. Kahirapan sa pagtuturo ng pagsusuri sa masalimuot na teksto. | 2.26 | Bahagyang Nararanasan |
| 9. Mabigat ang bilang ng mag-aaral sa bawat klase. | 2.25 | Bahagyang Nararanasan |
| 10. Hirap sa pagpili ng akmang estratehiya para sa iba't ibang mag-aaral. | 2.19 | Bahagyang Nararanasan |
| ***Composite Mean*** | **2.39** | Bahagyang Nararanasan |

Samantalang may pinakamababang weighted mean naman ang kahirapan sa pagtuturo ng pagsusuri sa masalimuot na teksto na may *weighted mean* na 2.26 na may interpretasyong berbal na bahagyang nararanasan. Sinusundan naman ang mabigat ang bilang ng mag-aaral sa bawat klase na may *weighted mean* 2.25 at kasama rin ang hirap sa pagpili ng akmang estratehiya para sa iba't ibang mag-aaral na may *weighted mean* na 2.19 na kapuwa may interpretasyong berbal na bahagyang nararanasan.

Sinuportahan ito ng pag-aaral ni Bisana (2023), lubos na suliranin ang nakukulangan sa kaalaman sa mga estratehiya sa pagpapabasa. Sa kabuoan may suliraning kinakaharap ang guro sa pagpapabasa. Mahalaga nag pagkakaroon ng mga estratehiya sa pagtuturo kung ay layon ay maipaunawa sa mga mag-aaral ang tuon ng pinag-aaralan.

**Kinalabasan ng Pag-aaral:**

1. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, lumabas sa resulta ng lebel sa kahusayan sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto ang layunin, nilalaman, gawaing pangklase, at pagtataya ay lubos na natatalakay.

2. Hangganan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pasusuri ng mga teksto ang tanong-sagot, *graphic organizer*, talakayan at *think-pair-share* ay lubos na ginagamit.

3. Lumabas na sa resulta mula sa 10 suliranin ng mga guro ay talo ang may berbal na interpretasyon na nararanasan samantalang 7 ang bahagyang nararanasan ng mga guro.

4. Pagbuo ng gawaing pagsasanay sa pagtuturo ng pagbasa at Pagsusuri isinaalang-alang ang mga naging resulta sa pag-aaral. Ang apat na estratehiyang ginagamit ng guro ay siyang binigyang-pansin at mga suliraning nararanasan ng guro sa pagtuturo.

**Kongklusiyon**

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga kongklusiyon.

1. Lumabas sa pag-aaral na ang lebel ng kahusayan sa pagtuturo ng asignaturang pagnasa at pagsusuri ay lubos na natatalakay. Napatunayan na ang pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ay nangangailangan ng lubos na kahusayan ng guro sa pagtuturo para sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa araling itinuturo.

2. Lubos na ginagamit ang hanggan ng estratehiya sa pagtuturo.

3. Batay sa naging resulta ng mananaliksik ay nagpakita ng may signipikanteng ugnayan sa pagitan ng kahusayan sa pagtuturo ayon sa layunin at ng hanggan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng teksto.

4. Naging suliraning nararanasan ay ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mahahabang teksto na nagiging sanhi ng di epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral, kakulangan ng mga pasilidad (hal. *Library, internet, tech tools*),

5. Makakatulong ang pagbuo ng mga gawaing pagsasanay upang mahasa ang husay ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto partikular sa *Senior High School*.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Rekomendasyon**

1. Magkaroon ng balidasyon ng nabuong awtput para sa posibleng paggamit nito upang matiyak ang kawastuhan, kalinawan, epektibo, at kapaki-pakinabang nito sa mga posibleng paraan ng paggamit.

2. Maaring ipagamit ng awtput na nabuo sa mga guro at mag-aaral sa proseso pagtuturo at pagkatuto ng asignaturang pagbasa at pagsusuri ng teksto.

3. Ang mga susunod na mananaliksik ay maaring magsagawa ng katulad ng pag-aaral para sa tuloy-tuloy na paglinang ng mga kaalaman na may kaugnayan sa nasabing paksa ng pag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Mga Sanggunian:**


**Aklat:**

Anderson, R.C., et al. (2019), Becoming a Nation of Readers. Washington, DC: National Institute of Education.

Balawan A, N et al. 2019, Introduksiyo Sa Pag-aaral Ng Wika, Mindshaper Co., Inc. RM 108 ICP Bldg., recoletos St. Intramurus Manila Philippines 1002 Tel. No. (02) 82546160

Brown, D. (2019), TREaching by Principles: An Integractive Approach to Pedagogy Upper Saddle River:Prentice Hall Regents.

Bernales, R.A et al., (2019), Pagbasa, Pagsulat at Introduksiyon sa Pananaliksik: Malabon City: Mutya Publishing House Corpuz, B.B. Salandan, G.G (2015). Principles of Teaching 2. Quezon City: Lorimar Publishing, Inc.

Liwanag, Lydia B., (2023), PAGTUTURO MULA SA PUSO, Sangguniang Pangguro sa Pagtuturo ng Filipino. Elementarya, Sekundarya, Tersyarya. Rex Book Store Inc.

MANIEGO MERLYN C. ET AL 2019, FILIPINO SA IBA'T IBANG DISIPLINA. ST. ANDREW PUBSHING HOUSE LOCATED AT 369 Culianin, Plaridel, Bulacan with Tel. No. (044) 794-1020/ 896 2070

Modyul Para Sa Pagtuturo Ng Filipino Ng Filipino Sa Elementarya I (Estruktura at Gamit Ng Wikang Filipino) Rex Books Store, INC. (RBSI) 856, NICANOR REYES SR. ST SAMPALOC, MANILA /TEL. 735-1364, 736-0567

REMEDIOS A. SANCHEZ, 2020., Komunikasyon Sa Akademikong Filipino. Ikalawang edisyon., UNLIMITED BOOKS LIBRARY SERVICES & PUBLISHING INC. Room 215 Intramuros Corporate Plaza Building, Cabildo corner Recoletos Street, Intramuros, Manila Tel. No. (02) 502-2017

SMITH J. 2018, Metodolohiya Sa Pagtuturo: Mga Pamamaraan At Estratehiya. MAYNILA

**Di-nalathalang Pananaliksik**

ABEL, D. M. C., 2022, Pangkasanayang Gawain Sa Pagbasang May Pag-unawa Sa Filipino Sa Mga Pambuplikong Paaralang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Sekondarya Sa Lawak III. Pambansang Pamantasan Ng Batangas, Lunsod Ng Batangas.

Alday, Marinol D. (2024) Paglinang ng Iba't ibang Hulwarang ng Teksto Tungo sa Pagbasa ng may Pag-unawa. Pambansang Pamantasan ng Batangas. Lunsod ng Batangas.

Atienza, Elsie G. (2022) Paggamit ng Teknolohiya sa Paglinang ng Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto Tungos a Pananaliksik sa Senior High School. Golden Gate Colleges. Lunsod ng Batangas.

Aparri, Hazel D. (2019) Ang Pagtuturo ng Patulang Uri ng Panitikan sa Mga Mag-aaral ng Integrated School sa Lunsod Lipa, Batanagas. Golden Gate Colleges, Lunsod Batangas.

APILADO, 2020, FILIPINO – Ikasampung Baitang. Lunsod Ng San Fernando, La Union: Kagawaran ng Edukasyon

Barreon, Katrina L. (2023), Paggamit ng Gramatika sa Pagtuturo ng PanitikangnFilipino sa Sangay ng Lungsod ng Lipa. Golden Gate Colleges, Lungsod ng Batangas.

Bisana, Shielu Jane C. (2023) Paggamit ng Tatlong Yugto sa Pagpapbasa ng mga Guro sa Filipino ng Junior High School. Golden Gate Colleges, Lungsod ng Batangas.

Bolina, Ginalyn C. (2022) Paggamit ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan sa Junior High School. Golden Gate Colleges. Lungsod ng Batangas.

BRAZA, M. E. S., 2018, Gawaing Pangkalusugan Pagbasang May Pag-unawa Ng Mga Estudyante Sa Baitang 7 Hanggang 10: Pambansang Pamantasan Ng Batangas, Lunsod Ng Batangas

Castro, Mariel R. 2024. Pagtatasa ng Pagpapahayag sa Filipino: Batayan sa Pagbuo ng Suplemental na Kagamitan. Pambansang Pamantasan ng Batangas, Lunsod Batangas.

CENIZAL, C. B. ,2019, Pagbuo ng Modyul Para sa Filipino 10 Gamit Ang Mga Pedagohikal Na Pagdulog. Pambansang Pamantasan ng Batangas, Lunsod Ng Batangas.

De Guzman, H. A. D. (2023). Pagtuturo ng Filipino Sa Mga Pampublikong Paaralang Integrado Tungo Sa Pagbuo Ng Kagamitang Panturong Panlokal. Pambansang Pamantasan ng

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Batangas. Lunsod ng Batangas.

Dela Cruz, Mary Rose B. (2022) Paggamit ng Kontekstuwalisasyon sa Filipino 9 at ang Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa mga Piling Maikling Kuwento. Golden Gate Colleges, Lungsod ng Batangas.

INDICO, C. B., 2024, Kasanayan Sa Pagsulat Ng Sanaysay: Batayan Sa Pagbuo Ng Modyul. Pambansang Pamantasan Ng Batangas, Lunsod Ng Batangas

Fallarcuna, Sheryl F. (2019) Pagbuo ng Modyul sa Pagtuturo ng Makabagong Ortograpiyang Filipino: Batayan sa Pagbuo sa Pagbuo ng Wastong Pagbabaybay. Golden Gate Colleges, Lunsod ng Batangas.

FORTUZ, G. P., 2024, Pagsusuri ng Piling Akademikong Sulatin Ng Mga Mag-aaral Tungo Sa Pagsusuri Ng Piling Akademikong Sulatin Ng Mga Mag-aaral Tungo Sa Paglinang Ng Kasanayan Sa Pagsulat. Pambansang Pamantasan Ng Batangas, Lunsod ng Batangas.

GUTIERREZ, A. C., 2023, Suplementaryo Sa Pagtuturo Ng Panitikang Asyano. Pambansang Pamantasan Ng Lunsod Batangas.

Gavino, Marites P. (2022), Pagpapaunlad ng mga Estratehiyang Blended Sa Pagtuturo Ng Filipino Sa Sangay ng Lungsod Batangas. Golden Gate Colleges, Lunsod Batangas.

Gutierez, Lea M. (2022), Ang Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon Ng Bagong Normal sa Lawak I ng Lalawigan ng Batangas. Golden Gate Colleges, Lungsod ng Batangas.

Hortelano, Ana May A. (2022) Kahusayan ng mga Guro sa Paggamit ng Teknolohiyang Pang-impormasyon at Komunikasyon Sa Dibisyon Ng Lunsod Ng Batangas. Golden Gate Colleges. Lungsod ng Batangas.

Payapat, Maecah Venus S. (2022). Paglalapat ng mga Estratehiya sa Pagpapalalim ng kaalaman sa pagkatuto ng panitikang Pandaigdig sa mga Pribadong Paaralan, Dibisyon ng Batangas. Goldn Gate Colleges, Lungsaod ng Batangas.

Rosales, May Ann C. (2019) Paglinang ng mga Makrong Kasanayang Pangwika sa mga Mag-aaral ng Batangas National High School. Golden Gate Colleges. Lunsod ng Batangas.

Valencia, Aicel A. (2024), Pagtuturo ng Panitikang Filipino sa Junior High School sa Dibisyon ng Lungsod ng Lipa. Golden Gate Colleges, Lungsod ng Batangas.

Vetuz, Roanne L. (2025) Pagtuturo ng Teoryanbg Feminismo sa mga Piling Bahagi ng Teleseryeng Pilipino: Batayan sa Pagbuo ng Gawaing Pagsasanay. Golden Gate Colleges, Lungsod ng Batangas.

Villanueva, Marina R. (2021) Papel ng Kulturang Popular at Paglinang sa Antas ng Kaalaman sa Pagkatuto sa Wikang Filipino. Golden Gate Colleges, Lungsod ng Batangas

**Elektronikong Sanggunian**

Aclinin, et al (2023), Antas ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Grade 8 https://www.researchgate.net/publication/377377392_ANTAS_NG_KASANAYAN_SA_PAG-UNAWA_SA_PAGBASA_NG_MGA_MAG-AARAL_SA_GRADE_8

Allado, A.J. C, 2025, Antas Ng Kasanayan Ng Mga Guro Sa Filipino Sa Paggamit Ng Teknolohiya Sa Pagbuo Manwal Sa Kagamitang Teknikal Leyte Normal University) https://www.researchgate.net/publication/389939523_ANTAS_NG_KASANAYAN_NG_MGA_GURO_SA_FILIPINO_SA_PAGGAMIT_NG_TEKNOLOHIYA_PAGBUO_NG_MANWAL_SA_KAGAMITANG_TEKNIKAL

Caringal, M.B, et al (2024), Kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo at antas ng pag-unawa sa pagbasa. **https://consortiacademia.org/wpcontent/uploads/2023/v13i15/24821_final.pdf)**

Gloria A. (2021), Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya. La Consolacion University Philippines.https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

Samarca N.Y, et al., (2025), Pagsusuri sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino: Batayan sa Pagbuo ng Aklat Pamuhatan. INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2025/06/5-IJAMS-MAY-2025-142-154.pdf

Rachel R. Sanchez, (2023), Inobatibong Gawain sa Pagtuturo ng Pananaliksikhttps://www.researchgate.net/publication/371256821_Inobatibong_Gawain_sa_Pagtuturo_ng_Pananaliksik

https://www.scribd.com/presentation/502285915/PAGSUSURI-ng-SANAYSAY

https://www.studocu.com/ph/document/pamantasan-ng-lungsod-ng maynila/interdisiplinaryong-pagbasa-at-pagsulat-tungo-sa-mabisang-pagpapahayag/ipp-teoretikal-na-modelo-sa-pagbasa-at pagsulat/70912784

https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/03/I248038392.pdf

https://www.ijfmr.com/papers/2025/2/42380.pdf

https://cognizancejournal.com/vol5issue1/V5I116.pdf

https://mgaaralingfilipino.wixsite.com/pananaliksik/post/4-tips-for-keeping-students-engaged-and-focused